# MULA HEORTOLOHIYA PATUNGONG PHALLOKRASIYA: ILANG PAGTINGIN SA SIMBOLISMO NG BUTÒ NI JUDAS ISCARIOTE SA KONTEMPORANYONG POLITIKANG PILIPINO

*Axle Christien Tugano*
*axle.tugano@lpu.edu.ph*

## ABSTRAK (ABSTRACT)

Sa mga naging pag-aaral ni Rosario Cruz-Lucero (2003, 2006) unang pormal na natutuhan ang isang selebrasyon at ritwal ng Antique patungkol sa biblikal na karakter ni Judas Iscariote. Batay sa tinatawag na *Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas (Hudas-Hudas)* (Tuazon, 2023), na bagaman ay laganap din sa ilang pamayanan sa labas ng Pilipinas, natatangi ang lalawigang ito dahil makikitang sinusunog

***PAUNAWA***

*Ang artikulong ito ay naglalaman ng maselang mga larawan. Anumang katanungan, reaksiyon, o komentaryo ay maaaring idulog sa mismong may-akda. Labas ang Diliman Review sa anumang responsibilidad kaugnay sa mga larawang nakapaloob sa artikulo.*

ang *effigy* ni Judas na malalaglagan ng isang butò (pitoy, titi, o *phallus*). Sentro ng pag-aaral na ito ang pagbibigay-kahulugan at simbolismo sa butò ni Judas na siyang hindi gaanong naging sentro ng pagtalakay sa mga naunang pag-aaral. Ipinoposisyon sa artikulong ito ang kinahinatnang kalagayan at kahulugan ng butò sa kasalukuyan ng nasabing selebrasyon at ritwal. At dahil si Judas at ang kaniyang butò ay ganap nang maituturing bilang mga simbolo, tatangkain din sa pag-aaral na ito ang pag-uugnay sa "butò ni Judas" sa mga politikal na personalidad ng Pilipinas na kapwa itinuring din bilang mga "Judas Iscariote" sa unang banda at ang pagkakasangkot nila sa usapin ng butò sa kabilang dako. Samakatuwid, pagtuon ito sa parallelismo ng katauhan at minarkang katangian ni Judas at ng ilang Pilipinong politiko, kung saan ang butò ay siyang naging kasangkapan at batayan ng sosyo-politikal na pag-uugnay. (In the works of Rosario Cruz-Lucero (2003, 2006), a formal understanding of a celebration and ritual in Antique, centered on the biblical figure of Judas Iscariot, was first established. This practice, known as the *Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas (Hudas-Hudas)* (Tuazon, 2023), while observed in some communities outside the Philippines, holds particular significance in this province due to the ritual of burning an effigy of Judas, from which a phallus (pitoy/titi) falls. The focus of the present study lies in the interpretation and symbolism of Judas' phallus, a subject that has not been the primary focus in previous scholarly discussions. This article seeks to contextualize the current significance and meaning of the phallus within the framework of the aforementioned celebration and ritual. Given that both Judas and his phallus are widely recognized as symbols, the study further aims to draw connections between the "Judas' phallus" and the political figures in the Philippines, who are often metaphorically referred to as "Judas Iscariot." This exploration will also examine their

involvement in the symbolic representation of the phallus. Consequently, the study emphasizes the parallelism between the characteristics of Judas and certain Filipino politicians, where the phallic functions as a cultural symbol and a basis for socio-political connection.)

*Mga Susing Salita: butò, Judas Iscariote, Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas (Hudas-Hudas), heortolohiya, politikang Pilipino*

## INTRODUKSIYON

Binigyang kahulugan ang heortolohiya bilang isang pag-aaral sa pinagmulan at kaunlaran ng mga relihiyosong tradisyon ng isang lipunan. Higit kung papaano ito kinapamumuhayan at patuloy na iniimpluwensiyahan ng mga institusyong katulad ng Simbahan (Yoder, 1974, p. 3). Ang heortolohiya ay etimolohikal na buhat sa Griyegong *heorte* (festibal) at *logos* (kaalaman) (MacAuley, 1910/2023) na may konotasyong pag-aralan ang kultural at/o historikal na kahalagahan ng mga tradisyon, samakatuwid, pag-uugat sa pinagmulan at kaunlaran ng mga relihiyosong festibal at kapistahan (Lichtenberger, 1878, p. 725). Ang Pilipinas na ang mayoryang populasyon ay pawang mga Kristiyano-Katoliko ay nakapagpunla ng iba't ibang paniniwala at tradisyon na malaong naidala sa anyo ng mga kapistahan at relihiyosong selebrasyon. Karaniwang makikita ang pagpapahalagang ito sa mga pinagpipitagang patron ng isang komunidad, katulad ng Birheng Maria, mga Santo at Santa, Beato at Beata, at iba pang relihiyosong indibiduwal. Sa katunayan, ang ganitong selebrasyon ay pinangunahan ng mga prayleng Español bilang bahagi ng mga misyon, habang ipinakikilala ang mga seremonya at kasiyahan. Sa kaso halimbawa ng mga Heswita noong dantaon 17, iniulat ang Pilipinas sa Roma at ang layunin ng mga kapistahan dito:

> The purpose was to promote an impressive image of the grandeur and splendor of the Catholic Church, to anchor the Christian message more strongly in the minds of the population, and to outshine through extravagance and color the pre-colonial festival culture and customs (Wendt, 1998, p. 3).

Tinanggap ng ilang Pilipino ang nasabing mga kapistahan, gayumpaman, ang natatanging katangian ng mga "ritwalisadong proseso" ng mga Pilipino ay higit na maiuugat sa sosyo-kultural at historikal na proseso ng Kristiyanismong Bayan. Ito ang pag-aangkin at hindi isang simpleng amalgamasyon at/o pagtatagpo sa mga ipinakilalang paniniwala at/o pananampalataya habang ipinamumuhay pa rin ang matandang tradisyon. Bagaman nakakawing kadalasan ang heortolohiya sa pananampalatayang Kristiyano-Katoliko, maaari pa rin mailapat ang halaga at kabuluhan nito sa iba pang uri ng pananampalataya at pananaw. Lalo pa at ang lahat naman

ng mga simbolikal na pananagisag sa anomang pananampalataya ay maisisingkaw patungo sa mga tinatawag na "ritwalisadong proseso." Ayon sa antropologong si Clifford Geertz (1973) sa akdang *The Intepretation of Cultures*, partikular sa simbolikong antropolohiya, ang pananagisag ay nagtataglay ng ideolohiyang pinagtibay ng "ritwalisadong proseso" na isinasabuhay sa anyo ng mga seremonyal na pagtatanghal habang sabay ding pinagtitibay ang lehitimasyon ng may hawak sa poder ng kapangyarihan (Geertz, 1973, sipi sa Villan, 2013, p. 74). Ang anomang "ritwalisadong proseso" ay maikakahon din bilang mga inimbentong tradisyon o *invented tradition* na ayon sa teoretisasyon nina Eric Hobsbawm at Terrence Ranger (1983).

## Layunin at pagkilala sa mga naunang pilipinong pag-aaral ukol kay Judas Iscariote

Layunin ng artikulong ito na sipatin ang heortophallikong (*portmanteau* ng heortolohiya at *phallus* = phallikong ritwal) simbolismo ng butò[1] sa lipunang Pilipino. Unang ipinaliwanag ni Rosario Cruz-Lucero (2003, 2006) sa kaniyang dalawang artikulo na "Ang Pitoy ni Hudas-Boso sa Isang Ritwal Bilang Diskurso" at "Judas and his Phallus: The Carnivalesque Narratives of Holy Week in Catholic Philippines" ang kasaysayan ng isang phallikong ritwal sa Antique na nakatuon sa pagsusunog ng *effigy* ni Judas. Ang nasabing mga pag-aaral ay malaong pinagtibay sa Tesis Batsilyer ni Jarl Matthew Tuazon (2023) ng University of the Philippines (UP) Visayas na pinamagatang "Halin Panimalay Tubtob sa Komunidad: The Hudas-Hudas Ritual as an Invented Tradition of Brgy. San Pedro, San Jose de Buenavista, Antique." Gayumpaman, bagaman may pagtatampok si Cruz-Lucero (2003, 2006) sa butò (*pitoy*) ni Judas at sa diwa ng *Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas (Hudas-Hudas)* na napagtagumpayan sa pag-aaral ni Tuazon (2023), hindi pa rin sentral na napagtuonan ng pagpapakahulugan ang butò. Sila ay kapwa tumuon lamang sa kabuoang nilalaman ng mismong ritwal.

Adbentahe ng pag-aaral na ito na tingnan ang somatikong kahulugan ng butò bilang kabilang sa mga bahagi ng katawan. Habang selektibong pinagtuonan ni Covar (1993/2015) ang ibang bahagi ng katawan na aniya ay bubuo sa halaga ng "pagkataong Pilipino" na may *loob, labas,* at *lalim,* mahalaga rin ang kritisismo ni Guillermo (2009) na kung bakit hindi

nailahok ang iba pang bahagi ng katawan katulad ng butò, puki, at puwit (Guillermo, 2009, p. 140). Ang lahat ng bahagi ng katawan ay may kakayahang makapagbigay ng kahulugan na batay kay Turner (1992) ay kailangang diskursohin upang mas lalong mapatingkad ang pag-aaral ng somating lipunan (*somatic society*):

> The body is obviously very important in these secular eschatologies. In post-modern debates, the body acquires the aura of a special nostalgia in a world of risk, uncertainty and disorganization…These medical and demographic developments, therefore, lend weight to the need for a new concept of modern societies as somatic. We might define the somatic society as a social system in which the body, as simultaneously constraint and resistance, is the principal field of political and cultural activity. The body is the dominant means by which the tensions and crises of society are thematized; the body provides the stuff of our ideological reflections on the nature of our unpredictable time (Turner, 1992, p. 12, sipi sa Tugano, 2025, p. 79).

Isang inangking símbolo ng mga Pilipino si Judas, mula sa paniniwalang Kristiyano-Katolisismo. May pangkalahatang identidad at pagkakakilanlan si Judas na nakaugnay sa "pagtatraydor" at "pagpapatiwakal." Ngunit, tangi ang mga Pilipino na nagremodipika kay Judas at sa ritwal na ito nang malagyan ito ng butò. At sa kasalukuyang lipunang Pilipino, muling inilapat si Judas hindi lamang bilang isang biblikal na karakter ngunit isang ganap na batayan at larawan ng "kaasalan" at "pagkatao." Sa ngayon, "Judas" ang itinatawag sa sinomang nagkanulo sa kapwa, sarili, at iba at maging sa bayan. Kaya layunin din ng pag-aaral na ito na tuklasin ang parallelismong karakter ni Judas at mga "kasalukuyang Judas" na kapwa maiuugnay sa butò.

## Si Judas Iscariote bilang biblikal na karakter

Kilalang personalidad sa kasaysayan si Judas Iscariote, isa sa mga itinuring na disipulo ni Hesukristo na nagkanulo sa kaniya sa mga Sanhedrin o Saserdote at Pariseo kapalit ng 30 pirasong pilak (Baum, 1916, p. 483). Sa

pagtatraydor na ito, sa halip na magsisi at humingi ng kapatawaran, siya ay nagtali ng leeg at nagpatiwakal (Laeuchli, 1953, p. 260) sa kaparangan ng Hakeldama ngunit nabuwal ang tali kaya siya ay nahulog sa batuhan at nagkalasog-lasog ang kaniyang tiyan. Si Judas ay naging bahagi ng naratibo ng pagtatraydor na kinasangkapan ng simbahan upang anila ay hindi tularan ng mga "makasalanang" tao. Naging bahagi rin siya ng pagdiriwang ng Mahal na Araw sa iba't ibang Katolikong bansa na kapwa nagsusunog, nagsisira, at/o nagpapasabog ng kaniyang *effigy* o likhang-tao na gawa sa mga sunuging materyales na kadalasang ipinapakita sa madla—*i.e* Greece, Guatemala, Costa Rica, Venezuela, Paraguay, Chile, Mexico, Dominican Republic, at Brazil.[2]

Sa Pilipinas, madalas na sinusunog ang *effigy* ni Judas. Kabilang na rito ang pagpapasabog ng mga Antiqueño sa katawan ni Judas (Cruz-Lucero 2003, 2006, 2007). Gayumpaman, hindi lamang sa Antique, isinasagawa ang pagsusunog sa *effigy* dahil ito ay tampok din sa Ilocos, Laguna, Bulacan, at ibang panig ng Panay (Cruz-Lucero, 2006, p. 47). Sa Santo Tomas, Pampanga, ipinagdiriwang ang *Sabuaga Festival* tuwing Linggo ng Pagkabuhay na pinasimulan pa noong 2009 (Rutao, 2019, para. 2 & 8). Ang *sabuaga* ay nagmula sa mga salitang *sabuag* (ikalat o *scatter*) at sa *sampaga* na isang uri ng bulaklak—"pagkakalat ng mga bulaklak" (Sapnu, 2010, para. 23). Kalimitang nagsasagala ang kababaihan habang nagsasaboy ng mga bulaklak bilang pagkilala kay Birheng Maria. Katang-tangi rito ang Pampanga, sa kabila ng sentro ito ng mga *magdarame* o pagpapadugo ng likuran gamit ang bursilyo (Fajardo, 2016, p. 222) o paraan ng penitensiya o *flogging, self flaggelation*, at *self-mortification* na noon ay pinahihintulutan ng mga paring Español (Moratilla, 2018, p. 151), nagkaroon din sila ng pagpapasabog sa *effigy* ni Judas (Sapnu, 2010, para. 22 & 31-32).

Gayundin sa bayan ng Minalin na kilala ang *Pakbung Judas* o "pagpapasabog kay Judas" na kalaonan ay nais palitan bilang *Pakbung Kasalanan* o *Pakbung Satanas* (Henares, 2010, para. 3). Kung gayon, ang *Sabuaga* ng Santo Tomas at *Pakbung Judas* ng Minalin sa Pampanga ay mga indikasyon na ginagawa nga ang pagsusunog sa *effigy* ni Judas tuwing Araw ng Pagkabuhay at Salubong (see Tiatco & Bonifacio-Ramolete, 2015, p. 74, n. 3). Sa Siniloan, Laguna, ayon sa samahan ng Señor Jesus de la Columna/La Pacencia (2023), ang Parokya nina San Pedro at San Pablo ay nagsasagawa

rin ng tinatawag na "Spy Wednesday" o araw ng pagkakanulo ni Judas kay Jesus. Liban sa pabasa, pag-aawit ng mga himno, may naitala ring pagsusunog sa *effigy* ni Judas sa Siniloan, Laguna.

Sa lahat ng mga nabanggit na ritwal, tanging ang Antique lamang ang mayroong *effigy* ni Judas na nilagyan at may simbolo ng butò (pitoy)—ang *Judas' phallus* o butò ni Judas.

## Butò ni Judas Iscariote


Tampok sa Barrio San Pedro, San Jose de Buenavista sa lalawigan ng Antique ang isang pagpaparada ng *effigy* (Larawan 1) at ang butò ni Judas Iscariote (Larawan 2) bilang bahagi sa paggunita ng Sabado de Gloria tuwing Mahal na Araw. Ito ay ipinaparada mula sa harap ng simbahan hanggang sa plaza kung saan ito susunugin at/o pasasabugin. Maituturo sa mga naging pag-aaral ni Cruz-Lucero (2003, 2006, 2007) ang kaalamang natuklasan sa tradisyong ito ng mga Antiqueño. Nagkaroon ng personal na karanasan at pagmamasid si Cruz-Lucero sa ritwal na ito ng Sabado de Gloria noong Marso 30, 2002 (Cruz-Lucero, 2007, p. 91) bagaman ay mayroong kaunting pagbabago kompara sa unang tradisyon. Ayon sa kasaysayan, maituturo ang pagsimula ng ritwal sa Iglesia Filipina Independiente (IFI) ni Gregorio Aglipay na humiwalay sa Simbahang Katoliko noong 1902,[3] na ayon kay Glicerio Geremia, Direktor ng St. Peter's Seminary, hindi kailanman ito ipagagawa at/o isasagawa ng mga Katoliko (Cruz-Lucero, 2007, p. 86). Pinatunayan din ito ni Cruz-Lucero (2003) nang kapanayamin niya ang isang Kura Paroko na itinatanggi na mula ito sa tradisyong Katoliko (Cruz-Lucero, 2003, p. 316). Bagaman laganap ang Katolisismo sa Kabisayaan, nagkaroon ng isang panahon na naging laganap at/o dominante ang paniniwalang Aglipayano sa Antique at mga katabing lalawigan sa Bisaya (Cruz-Lucero, 2006, p. 44). Nagtungo si Aglipay sa Antique, partikular sa Sibalom noong 1903 upang hikayatin ang mga Katoliko na maging Aglipayano. Sa kadahilanan ang kaniyang sermong Aglipayano ay totoong larawan ng nasyonalismo (Cruz-Lucero, 2003, pp. 314-315).[4]

**Larawan 1.** Judas Iscariote ng Antique



Tinatawag ang ritwal na ito bilang "Sunog Hudas" ng mga Antiqueño. Nakatago sa loob ang butò na papasabugin at susunugin (Discover Antique, Philippines 2022).

**Larawan 2.** Butò ni Judas



Ang butò ni Judas na gawa at/o nililok sa kahoy. Itinatago ito sa loob ng tela at/o damit (Tuazon 2023).

Suportado ng mga Antiqueño ang ritwal na ito at dumating pa sa punto ay pinopondohan ito ng mga migranteng manggagawa.[5] Kung hindi man, kumakatok sa bahay-bahay ang mga tao lalo na ang mga walang kakayahang makabili ng magarbong Judas, kaya tinatawag din itong "katas ng mga kababaryo" (Cruz-Lucero, 2003, p. 317). Kung minsan, binubuhat ang *effigy* upang habulin ang mga dalagang lumalabas sa simbahan—"*isang araw sa bawat taon ang okasyong ito upang magtilian ang mga dalaga, matanda man o bata o bata pa* (Cruz-Lucero, 2003, p. 317)." Ang *effigy* ni Judas ay gawa sa liyabing mga materyales katulad ng pinatuyong palay, abaka, at dahon. Malaki ang ulo nito at ang buong katawan ay napalolooban ng mga paputok o pampasabog. Gayundin ang butò nito na gawa sa kahoy ngunit mayroong 'di pantay na bayag na malayang nilalaro, pinagtatawanan, at hinahawakan

ng sinoman, maging ng kababaihan at kabataan. Sa butò nito nakalagay ang pinakamalakas na paputok na sasabog at tanging matitira sa oras na maubos ang *effigy* ni Judas. Ito ay pinag-aagawan ng mga tao at ang makakukuha nito ay siyang magwawagi. Batay sa deskripsiyon ni Cruz-Lucero (2007):

> Someone then lights the fuse sticking out of Judas's shoes and he explodes in a burst of firecrackers while he is hanged by the neck with an abaca noose. The firecrackers are stuffed inside the effigy, along with flammable materials of rice straw and abaca cloth. His head, being the biggest part of the effigy, takes the longest to explode because it is stuffed with the largest and most numerous firecrackers. The loudest blast, however, occurs in his testicles, which are also disproportionately large so as to hold the strongest explosives. Everything of Judas is completely consumed by the fire, except his phallus, which is carved out of fresh wood. It drops to the ground, and anyone who wants to is allowed to pick it up and keep it for him/herself. Throughout the whole parade from beginning to end, the people, including the children, are given license to touch, stroke, shake Judas's phallus in any way they want. It is always the bolder child or two who does so, with gestures of exaggerated coyness, while ribald laughter and cheering noises emanate from his peers (pp. 90-91).

Itinambal kung gayon si Judas sa isang bayag (*testicles*) na anila ay hindi pantay ang laki at/o bigat. Marahil maipapasok dito ang isang kuwento na aking natutuhan sa panahon ng kamusmosan. Ikinukuwento ng aking nanay at tiyahin ang isang birong kuwento na kanila ring natutuhan noong kanilang kabataan sa Urdaneta, Pangasinan. Hinggil ito sa "Bayag ni Judas" na bagaman isang parodiya, ay iniugat naman sa usapin at pagbibirong biblikal:

**Bayag ni Judas**

> Isang araw, tinipon ni Hesus ang kaniyang mga disipulo upang pumunta sa bundok. Sa unang utos, sinabi ni Hesus

> na pumulot sila ng isang malaking bato bago umakyat ng bundok. Lahat ay kumuha ng malalaking bato liban kay Judas na kumuha ng maliit na bato dahil madali raw bitbitin paitaas. Kinalaunan ay nasa tuktok na sila ng bundok at sinabi ni Hesus na ang lahat ng batong kinuha nila ay gagawing tinapay. Dahil sa maliit na bato lang ang kinuha ni Judas, hindi siya nabusog. Sa ikalawang utos, nagwika si Hesus na pumulot ng maliit na bato. Muling inakala ni Judas na gagawin itong tinapay kaya pumulot siya ng malaki. Kinalaunan ay nagwika si Hesus na ang batong napulot nila ay itatapon sa kabilang bundok. Hindi maibato-bato ni Judas ang hawak niya sapagkat mabigat. Sa huling utos, pinakuha sila ng dalawang batong pantay ang sukat at bigat. Ang tusong si Judas ay kumuha ng isang maliit at isang malaking bato upang sigurado aniya sa tinapay na kakainin o maliit na batong itatapon muli. Pagkatapos nito, nagwika si Hesus na ang lahat ng nakuha nilang mga bato ay gagawing bayag. Nagulat si Judas kaya hindi pantay ang kaniyang bayag (R. Tugano at E. Joaquin-Layante, personal communication, circa 2000/2001, sipi sa Tugano, 2024, p. 251).

Ngunit, bakit nga ba nagkaroon ng butò sa *effigy* ni Judas? Tinugunan ng aking kasamahang guro sa UP Los Baños na si Jarl Matthew Tuazon (2023) ang kasaysayang ito. Batay sa kaniyang tesis batsilyer, sinasabi na taong 1925, sa pangunguna ng nagngangalang Miguel Escanillas, nilikha ang kauna-unahang *effigy* ni Judas bilang bahagi ng isang *kalingawan* (*leisure* o pagliliwaliw) (Tuazon, 2023, p. 19; J.M. Tuazon, personal communication, 2024). Sinisilidan ng *rebentador* at *triangulo* ang katawan ni Judas. Nagpatuloy ang paggawa ng *effigy* hanggang sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ipinamana ni Escanillas ang kaalamang ito sa kaniyang anak na si Galileo Escanillas na siya namang ginabayan nina Pacifico Galindo at Christopher Quanico (Tuazon, 2023, p. 19). Taong 1958 pormal na nilagyan ng butò ang *effigy* ni Judas samantalang dekada 1980 nang higit na pinalakihan ang sukat nito upang aniya ay maging kapansin-pansin sa mga manonood (Tuazon, 2023, p. 21; J.M. Tuazon, personal communication, 2024).

Mahalagang mapansin ang pagkakaugnay ng butò (at sa bayag) kay Judas. Prinoblematisa ni Cruz-Lucero (2003) kung bakit butò o *pitoy* ang umiinog sa ritwal ng pagsasalaysay ng pagkakanulo at/o pagtratraydor. Aniya, paraan ito ng IFI bilang protesta at pagsalungat sa gawain ng mga Katoliko hanggang dantaon 20, ang butò ay sagrado at sensitibong bagay sa Katoliko. Panganganti kumbaga. Ani Cruz-Lucero (2003), "ang pitoy ni Judas ang pinakalantarang paraan ng pagpoprotesta, isang bandilang maaaring iwagayway laban sa estrukturang awtoridad, sa kasong ito ang Simbahang Katoliko, na higanteng bantayog ng pang-aapi't panunupil ng Kastilang mananakop (p. 320)." Hindi na bago ang panganganting ito ng IFI sa mga Katoliko. Sa Guihulngan, Negros, nagpatugtog ang mga tao upang gambalain ang sermon ng mga pari at kung minsan, nagsasagawa pa ng dula tungkol sa pagbaril kay Jose Rizal, bilang simbolo na ang kaniyang kamatayan ay nangyari sa kamay ng mga Katoliko (Cruz-Lucero, 2003, p. 316).

Gayumpaman, may isa pang pagpapaliwanag kung bakit naiuugnay si Judas sa butò, katulad ng isang birong kuwento na nailahad sa itaas ukol sa kaniyang bayag. Bagaman batid ng lahat na namatay si Judas sa pamamagitan ng pagpapatiwakal (Laeuchli, 1953, p. 260), may ilan naman nagsasabing hindi ito nangyari. Sa halip, ang kaparusahan sa kaniya ay masasalamin sa pagkakaroon ng miserableng pamumuhay at bulok na katawan. Ayon sa artikulo ni B.J. Oropeza (2010) na "Judas' Death and Final Destiny in the Gospels and Earliest Christian Writings," ang talang nagsasabing hindi nagpatiwakal si Judas ay maituturo sa ilang *fragment* na akda ni Papias of Hierapolis at iningatan ni Apollinaris of Laodicea. Namuhay si Judas tangan ang mga namamaga at nabubulok na katawan at may kasuklam-suklam na butò—malalaki at hindi normal para sa isang ordinaryong tao at ang butò ay dinadapuan ng mga nana at uod:

> Judas was a terrible, walking example of ungodliness in this world, his flesh so bloated that he was not able to pass through a place where a wagon passes easily, not even his bloated head by itself. For his eyelids, they say, were so swollen that he could not see the light at all, and his eyes could not be seen, even by a doctor using an optical instrument, so far had they sunk below the outer surface. **His genitals appeared more loathsome and larger than**

> **anyone else's, and when he relieved himself there passed through it pus and worms from every part of his body, much to his shame**. After much agony and punishment, they say, he finally died place in his own place, and because of the stench the area is deserted and uninhabitable even now; in fact, to this day no one can pass that place unless they hold their nose, so great was the discharge from his body and so far did it spread over the ground (akin ang diin) (Holmes, 1999, p. 583, sipi sa Oropeza, 2010, pp. 345-346).

Ipinapakita lamang dito na ang butò ni Judas ay isang butòng "makasalanan" at bahagi ng kaniyang katawan na simbolo ng pagpaparusa sa kaniyang kasamaan.

## Ang butò ni Judas sa kasalukuyan

Katulad ng nabanggit ni Tuazon (2023), si Miguel Escanillas ang nakalikha ng kauna-unahang *effigy* ni Judas Iscariote noong 1925 samantala taong 1958 nang malagyan ng butò ang *effigy* at dekada 1980 nang pinalakihan ang butò ni Judas mula sa normal nitong sukat (pp. 19, 21). Ibig sabihin, nang inaral ni Cruz-Lucero (2003, 2006, 2007) ang tinawag niyang *Pitoy ni Hudas*, matagal na ang presensiya ng butò sa nasabing tradisyon. Gayumpaman, sa pag-aaral ni Cruz-Lucero (2007) maituturo ang pagbanggit sa isang espesipikong panahon kung kailan unang nakitaan ng pagtuligsa ang isang institusyon ukol sa butò ni Judas. Noong 2002, nabago ang tradisyong Antiqueño hinggil sa butò o *pitoy* ni Judas. Kung noon ay makakikita ng magagarbo at naglalakihang butò ni Judas, kalaonan, ayon kay Cruz-Lucero (sipi sa Tan, 2017, para. 15), "*the practice is dying out.*" Sa pahayag mismo ni Cruz-Lucero (2007), kaniyang ikinadismaya ang muling pagpunta sa Antique nang Sabado de Gloria noong Marso 30, 2002. Tanging isa na lamang ang ipinaparadang Judas at ito ay nasa pangunguna ng Simbahang Katoliko, isang kabalintunaan sapagkat tradisyon itong pinasimulan ng IFI. Batay sa kaniyang paglalarawan:

> There was only one Judas, with a disproportionately small phallus and a regular-sized head. The testicles consisted of

> a pair of guavas wrapped in a piece of ladies' stocking and hung from the phallus with a wire. These were not stuffed with firecrackers and were meant to drop to the ground with the phallus when the burning of the effigy was over. There was neither chanting nor dancing and the explosions hardly lasted five minutes (Cruz-Lucero, 2007, p. 91).

Tumutugma kung gayon ang pahayag na ito ni Cruz-Lucero (2007) sa isang larawang kinuhanan mismo ni Tuazon (2023) noong Abril 8, 2023 (*cf.* Larawan 2) (p. 27, n. 98), na ang butò ni Judas bagaman hindi bayabas (Cruz-Lucero, 2007), nagtataglay pa rin ito ng dalawang pares ng *kabugaw nga gamay* (maliit na pomelo) (J.M. Tuazon, personal communication, 2024). Bayabas man ito o isang pomelo, malinaw na pinaliit na ang bayag ni Judas. Ang pagpapaliit na ito sa bayag, sa panahon ng pagbisita ni Cruz-Lucero (2007) noong 2002 ay bilang pagsunod sa utos ng isang hindi napangalanang Ombudsman ng bayan na nagpanukalang ang butò at bayag ay hindi nararapat na maitampok at/o makita ng kabataan lalo pa aniya laganap na ang impluwensiya ng midya, TV, VHS [*Video Home System*], at Internet na posibleng "sumirá" sa inosenteng kamalayan ng kabataan (Cruz-Lucero, 2007, p. 91). Kaya nga ang mahaba at malaking butò ni Judas ay naging *pitoy* na lamang. *Pitoy* ang tawag sa maliit na butò:

> Hindi raw umabot sa kalahati ng ari ng mga dating Hudas ang mga dimensiyon (o haba at taba) ng ari nitong huling Hudas. Kaya mula sa ari ay naging pitoy na lamang ito. Ang pagliit ng ari ay bunga ng payo at suhestiyon ng Ombudsman na huwag nang masyadong bigyang diin ang 'ari' dahil iba na ang pagtanggap ng mga kabataang Antiqueño dito (Cruz-Lucero, 2003, p. 318).

Sa bagong pag-aaral ni Tuazon (2023) tungkol sa tradisyon ng *Hudas-Hudas* liban pa sa isang Ombudsman (Cruz-Lucero, 2003), may dalawa pang institusyon ang nakapagbigay ng kahulugan sa butò at sa mismong tradisyon. Ito ang simbahan at ang sambayanan at/o sambahayan (Tuazon, 2023, p. 39). Mahalaga ring masalungguhitan ang pagpapakahulugan ng sambayanan at/o sambahayan sa butò at tradisyon ni Judas. Ayon sa tesis ni Tuazon (2023) may ilang tao ang hindi umaayon sa pagpapakita ng butò ni Judas. Hindi

angkop na maipakita ang butò ni Judas dahil sa usapin ng konserbatismo (Tuazon, 2023, p. 43). Gayumpaman, ang dahilan ng konserbatismo ay sinalungat ng ilang tao (Tuazon, 2023, p. 19). Anila, hindi ang butò ni Judas ang may problema sa representasyon at/o pagbibigay-kahulugan kundi ang mismong kaisipan ng sambayanan at/o sambahayan. Samakatuwid, ang mga tao mismo ang nagbigay ng kahulugan sa butò ni Judas bilang isang kasangkapan ng katatawanan na siyang nanglilihis sa tunay na adhikain ng tradisyon. Ang mga lasing na lumalahok sa *parapanangis*[6] ay nagsasalita ng mga 'di kaaya-ayang mga pahayag at ang butò ni Judas ay kanilang pinaglalaroan at umaakto na parang tila-sinasalsal ang butò (Tuazon, 2023, pp. 47-48). Ito ang dahilan kung bakit hindi naging maganda at/o makabuluhan sa ilang pagkakataon ang kahulugan ng butò ni Judas para sa kabataang nakakikita ng ganoong pagkilos.

## Ang mga "kasalukuyang Judas Iscariote" at simbolismo ng butò

Anopaman ang kinasapitan ni Judas, nagpatiwakal man o hindi, isang malinaw na siya ay simbolo ng pagkakanulo at pagpapatiwakal. Negatibo ang imahen ni Judas sa mga tradisyon at salaysaying bayan katulad ng nabanggit sa unang bahagi. Sa korpora ng wikang F/Pilipino, umusbong ang *Judas* bilang isang anyo ng pagtataksil (Almario, 2001, p. 342)—*isang Judas* (isang traydor), *nang-huhudas* (nangtatraydor). Mula sa mga depiksiyon sa kaniya bilang isang traydor o mapagkanulo at nagpatiwakal, maikakabit kung gayon ito sa kaniyang butò o pitoy—ang butò bilang simbolo ng pagtataksil at bilang simbolo ng pagpapatiwakal. At siyempre, layunin din nitong mailapat sa lipunan at kulturang Pilipino.

Maipapasok ang konotasyon ni Judas bilang "taksil" o "traydor" at malaon ay maiuugnay sa butò kung maipaghahambing ito sa mga kawangis at/o katulad niyang personalidad sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang butò ni Judas na nalaglag (sa tradisyong Antiqueño) (Cruz-Lucero, 2003, 2006, 2007) at naagnas o inuuod (Holmes, 1999, sipi sa Oropeza, 2010) man ay isa ring indikasyon ng pagkawala ng katapatan at katapangan na harapin ang nagawang kasalanan. Kung hindi man, sa kontemporanyong panahon, ang labis na pagtataksil ay nauuwi sa pagseselos—kaya nga mayroong literal na napuputulan ng butò, dulot ng tinatawag na *malikot na butò, makati ang butò,*

*pasaway ang butò,* o *hindi mapakaling butò.* Ang lahat ng ito ay sumasagisag sa pagtataksil.

Sa katunayan, kadalasan naman talagang pinuputol ang butò kung ang isang tao ay nagtaksil sa kaniyang kababayan. Sa isang pag-aaral ni Arnold Blumberg (2015), sinasabing brutal ang moda ng kaparusahan noong Panahong Medieval sa Inglatera lalo na sa mga traydor at taksil. Tinatanggalan ng pagkalalaki (*emasculated*) ang isang traydor sa anyo ng pagpuputol ng butò at bayag at sa ganoong paraan, magwawakas ang kaniyang lahi at pangalan (*bloodline*) (Blumberg, 2015, p. 52). Ibig sabihin, magwawakas din ang pagpapatuloy ng lahi ng mga taksil at traydor.

Sa kaso ng kasaysayan ng Pilipinas, mula sa panahong dati hanggang sa kasalukuyan, marami na rin ang maituturing traydor at taksil[7], katulad ng katangiang masasalamin kay Judas. Gayumpaman, wala sa mga ito ang naputulan ng butò. Higit sa lahat, nagpapatuloy pa rin ang lahi at pangalan sa politika, salungat sa mga nabanggit ni Blumberg (2015). Sa katunayan, kinasangkapan pa nga ng mga kontemporanyong taksil ang kanilang mga butò upang ipamalas ang tinurang "katapangan" habang pinagkakanulo ang taumbayan.

Hanggang sa ngayon, kultura ng karamihang Pilipino ang pagsusunog ng *effigy.* Sa mga kilos-protesta, kadalasang sinusunog ang *effigy* ng mga Pangulo ng Pilipinas. Para sa ilang antropologo, ang pagsusunog na ito ay tinatawag na "scapegoating rituals" (Yodisphere, 2011, para. 7). Sa isang lektura-vlog na pinangunahan ng mamamahayag na si Art Garcia (Kapihan ng Bayan, 2024) na pinamagatang "Mga Judas sa Panahon Ngayon," napangalanan ni Garcia si Rodrigo Duterte bilang "Judas" kaugnay ng "Gentleman's Agreement." Ito ay "kasunduan" sa pagitan nina Duterte at Xi Jinping upang panatilihin ang *status quo* sa usapin ng West Philippine Sea. Retorikal din ang naging pagpapaliwanag ni Josephus Jimenez (2016) sa kaniyang kolumn na "The Resurrection of Peter, Judas, and Barabbas in Politics" upang ilapat ang katangian ni Judas sa mga politikong nangtatraydor sa bayan:

> The Judases in our politics include those who join political parties, and expect manna to drop from heaven. These are

> local bets who affiliate with presidential candidates and enter into coalitions then bolt from them, in the same speed and expediency that they entered surreptitiously. These Judases just leave whenever it is becoming clear that the Master is going to be crucified, and that there would be no manna at all coming from heaven. Then, like political butterflies, they would scout for other sources of nectar (Jimenez, 2016, para. 5).


Para naman kay John Nery (2019), ang parallelismo nina Judas at Duterte ay "*when I see (or read about) audiences that still laugh at President Duterte's ugly, offensive jokes; about women he lusts for, journalists and human rights advocates and lawyers he detests, the Christian faith he mocks* (para. 5)." Dagdag pa niya, "*God knows Hudas not follow the constitution* (para. 13)", isang tunay na katangian ni Duterte na sa maraming pagkakataon ay nilalabag ang Saligang Batas—*i.e. extrajudicial killings.*

Bagaman palasak sa mga Pilipinong kilos-protesta ang pagsusunog sa mga *effigy* ng mga nagdaang Pangulo, bibigyan tuon dito ang mga *effigy* ng diktador na sina Ferdinand E. Marcos Sr. at Rodrigo Duterte (Larawan 4). Sinunog ang *effigy* ni Marcos Sr. noong 1986 People Power Revolution habang tinatawag ang kaniyang pamumuno bilang "national betrayal" (Larawan 3) (Yodisphere, 2011, para. 7). Samantala, ang isang tampok na *effigy* ni Duterte ay sinunog dulot ng kaniyang deklarasyon ng Batas Militar sa Mindanao (Larawan 4) (Navales & Umel, 2017, para. 5-6). Habang ito ay kinatigan ng Korte Suprema na nagsabing "may batayan" ang deklarasyon ng Batas Militar at pagsuspinde ng *writ of habeas corpus* dulot ng pananalanta ng grupong Maute sa Marawi noong 2017 (Caliwan, 2017, para. 8). Sina Marcos Sr. at Duterte ay kapwa mailalapat sa tinukoy ni Achille Mbembe (1992) na mga post-kolonyal na lider na karaniwang ginagamit butò (*phallus*), bibig, at tiyan sa kanilang pamumuno (p. 23). Sinusugan muli ni Mbembe (2019) sa kaniyang akdang *Necropolitics* na kalimitan talagang ginagamit ng mga autokrata at diktador ang kanilang mga butò bilang absolutong simbolismo ng kapangyarihan:

> Obscenity is an integral part of the stylistics of power… The penis [is] a historical phenomenon in its own right…


> The [autocrat] thinks and expresses himself through his phallus… Without a phallus, the [autocrat] is nothing, has no fixed identity. Thanks to his phallus, the [autocrat's] cruelty can stand quite naked: erect (Mbembe, 2019, sipi sa Tugano, 2024, p. 237, tingnan din, Mbembe, 2006, p. 163, sipi sa Telo, 2023, p. 298, n. 129).

**Larawan 3.** Effigy ni Marcos Sr.



Kasagsagan ng 1986 EDSA Revolution, sinunog ang *effigy* ni Marcos Sr. bilang bahagi ng kaniyang "national betrayal (Yodisphere 2011)."

**Larawan 4.** Effigy ni Duterte



Isang *effigy* ni Duterte na sinunog bilang pagtuligsa sa kaniyang mga patakaran lalo na sa pagpapatupad ng Batas Militar noong 2017 (Navales at Umel 2017).

Kung susuriin ang tatlong bahagi ng katawan na binanggit ni Mbembe (1992)—butò, bibig, at tiyan, lapat na lapat din ito sa katauhan ni Judas. Ang bibig ay naging makasalanan dahil inilaglag niya si Kristo. Gayundin ang butò na pinarusahan nang ito ay dapuan ng mga uod at nana (Holmes, 1999, p. 583, sipi sa Oropeza, 2010, pp. 345-346) at kung pagbabatayan naman ang kaniyang pagpapatiwakal, nagkalasog-lasog ang kaniyang tiyan (Laeuchli, 1953, p. 260).

Bilang konteksto, layunin sa susunod na bahagi na talakayin ang tuwirang pananangkapan ng mga kilalang "kasalukuyang Judas" sa kontemporanyong panahon at kung papaano nagamit ang kani-kanilang mga butò.

***A. Butò at ang "Maharlika" ni Ferdinand E. Marcos Sr. (1965-1986)***

Nakakabit sa pangalan ng dating diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr. ang kaniyang deklarasyon sa *Proclamation 1081* noong Setyembre 1972, dahilan upang isailalim sa Batas Militar ang buong Pilipinas. Hindi lingid sa ating kaalaman, ang kataksilan ni Marcos sa taumbayan ay nasasalamin sa labis-labis na kaso ng korapsiyon at pandarahas at pagsikil sa karapatang mamahayag at tumuligsa sa pamahalaan. Liban pa sa mga ito, nagtaksil din si Marcos sa kaniyang asawang si Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos. Malinaw na itong nabanggit at sinalaysay sa pag-aaral halimbawa nina Roderick Javar (2018) at Caroline Hau (2019, hinggil sa kaniyang pambababae. Obhektibong inilarawan ni Marcos na ang kaniyang kahiligan sa mga magagandang babae ay dulot ng pagbabagong-katawan at pananaba ni Imelda (Javar *et al.*, 2022, p. 36). Ibinahay ni Marcos nang palihim habang tinutustusan niya ang luho ng kerida at Amerikanang aktres na si Dovie Beams, mula pabahay hanggang sa libo-libong dolyar na *allowances* (tingnan Javar *et al.*, 2022, pp. 34-38).

Ayon sa isang kabanata ng aklat ni Sterling Seagrave (1988)—"The Casting Couch," palihim na inirekord ni Beams ang usapan nila ni Marcos at may pagkakataong nakiusap pa ang huli na isubo/i-tsupâ (*fellatio*) ni Beams ang butò ng diktador:

> Student protestors at the University of the Philippines commandeered the campus radio station and broadcast a looped tape; soon the entire nation was listening in astonishment to **President Marcos begging Dovie Beams to perform oral sex**. For over a week, the president's hoarse injunctions boomed out over university loudspeakers. Special forces troopers sent to recapture the radio station crumpled with laughter (akin ang diin) (p. 225).

Bagaman taong 1972 nang ideklara ni Marcos ang Batas Militar, naipatugtog ng ilang aktibistang taga-UP, noong kasagsagan ng 1971 Diliman Commune ang nasabing *sextape*. At ayon sa aklat na *A Brief History of Oral Sex* ni David Depierre (2016), ang iskandalo at ang mabilis na pagkalat ng "pagmamakaawa" ni Marcos sa i-tsupâ ang kaniyang butò ay isa sa mga naging masidhing personal na dahilan upang ideklara ang Batas Militar at dakpin ang mga aktibista (p. 226). Kung papansinin, ang butò ni Marcos ay naging sangkap ng pagtataksil sa kaniyang asawa sa unang banda at pagtataksil sa taumbayan sa kabilang dako. Ang ikinaliligaya ng kaniyang butò, sa anyo ng pagtatalik ay napapalitan at/o nagiging kapalit ng mga salapi at iba pang materyal na bagay na ibinibigay kay Beams, at siyempre, ito ay mula sa kaban ng taumbayan. Gayundin, naging tampulan ng tukso at katatawanan para sa maraming tao ang butò ni Marcos. Batay sa disertasyon ni Roderick Javar (2015) na "Retokadong Talambuhay, Manipuladong Salaysay," ibinunyag ni Beams sa isang panayam na *maliit ang titi* (o butò) ni Marcos—"*he was small, incredibly small...*" Nakita niya ang kaliitang ito kung sila ay nagtatalik sa Mansion House sa Baguio at sa maliit na gusali sa loob ng Malacañang *compound* at kung minsan ay sa magarang mansiyon sa San Juan City (tingnan Javar, 2015, pp. 261-262).

Sa muling pakikipagpanayam kay Javar (2024), mula sa kaniyang pag-aaral (Javar, 2018), tendensiyal dito ang konsepto ng *Don Juanismo Syndrome* o isang kaugalian ng lalaki na may kahiligan sa pakikipagtalik sa iba't ibang babae. Tila bagang ipinapakita nito na kahit na *maliit ang titi* ni Marcos ay nakakukuha naman ito ng iba't ibang magagandang babae (R. Javar, personal communication, 2024). Kabaliktaran ito kay Rodrigo Duterte na makailang ulit na ipinagmamalaki ang laki at haba ng kaniyang butò, gayumpaman, katulad ni Marcos na naging sikat sa usapin ng butò, si Duterte ay nagtaksil din sa bayan. Anopa at lumitaw din ang ilang naratibong kaugnay ng butò ukol kay Duterte na siyang mababanggit sa susunod na bahagi.

**Larawan 5.** Oral sex bilang depiksiyon kina Benito Mussolini at Adolf Hitler




Isang halimbawa ng *postcard* na ipinalaganap ng mga Amerikano bilang bahagi ng kanilang propaganda (Depierre 2016).

Tipikal din naman ang pananangkapan sa butò upang kutyain ang mga kinamumuhiang lider. Hindi lamang si Marcos kung gayon, ang kilalang lider na nasangkot sa ganitong usapin. Ayon pa rin kay Depierre (2016), partikular na sa kabanatang "The Rise of Oral Sex in the 20th Century," kinasangkapan ng mga sundalong Amerikano ng *Office of Strategic Services* (OSS) ang mga *postcard* bilang propaganda at pagtuligsa sa mga kalaban nilang lider noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ipinakita rito ang mga *postcard* kung saan inilalarawan ang seksuwal na ikonograpiya ng mga diktador na sina Benito Mussolini at Adolf Hitler sa anyo ng pagsasagawa ng *oral sex* (*anal sex* pa nga) (Larawan 5), ito ay upang kutyain ang dalawang diktador (Depierre, 2016, pp. 212-213). Kapwa "nang-Judas" si Marcos (sa

asawa at bayan) at sina Mussolini at Hitler, nagkamal ng limpak-limpak na kaban ng bayan si Marcos; tumakas at hindi natagpuan si Hitler; ngunit pinatay naman ng mga partisanong Italyano si Mussolini. Kaya sa pagkakataong ito, kawangis nila ang kasaysayan at katangian ni Judas—nangtraydor, tumakas at/o nagtago hanggang kamatayan.

Kung susundan ang pagpapalagay ni Depierre (2016) na isa ang *oral sex* sa butò ni Marcos kung bakit nakanti ang huli upang madaliin ang pagdedeklara ng Batas Militar, butò rin ang pinuntiryang paghihiganti ni Marcos at ng militar upang sikilin ang mga aktibista at kritiko ng kaniyang pamahalaan. Bagaman kilala noong panahon ng Batas Militar ang iba't ibang moda ng tortyur katulad ng *San Juanico Bridge, water cure,* pananakal, pambubugbog, at pamamaso (tingnan Hapal, 2016), hindi kadalasang nababanggit ang "tortyur sa butò." Pinuntirya ng mga militar ang butò ng mga bilanggong politikal upang mapaamin at/o makakuha ng impormasyon. Batay sa naratibo ng historyador na si Dante Ambrosio (2008), kinukuryente ng mga militar ang butò ng mga detenido hanggang sa sumuka ito at mawalan ng malay-tao (p. 7). May pagkakatulad din ito sa isang balitang inilathala ng aking kasamahang guro sa UP Los Baños na si Gloria Esguerra Melencio (2012) sa "Martial Law Files: A History of Resistance", nakapanayam niya noong 1998 ang aktibistang si Adora Faye "Dong" de Vera. Si Dong ay ginahasa (*gangraped)* ng mga militar. Habang ang mga kasamahang bilanggong sina Rolando Morallos at Flora Coronacion ay kinastigo at pinahirapan ng magkasamang puwersa ng *Military Intelligence Security Group*, *Constabulary Security Unit* at *2231st PC Company Quezon Province* noong 1976 (Melencio, 2012, para. 8). Pinitpit ang butò ni Morallos at kalaonan siya ay pinagsasalsal (*masturbate*) ng butò sa harap ni de Vera (Melencio, 2012, para. 9). Siyempre pa ang ganitong pagpapahirap sa butò ay ikinatutuwa ng mga militar.

Kaya tama ang naging pahayag ni Congressman Neri Colmenares noong 2016—"*tumo-torture sila for the fun of it, they feel exhuberant if they hold a way over the life and death of a person* (Never Again, 2016)." Si Colmenares ay 18-taong gulang at aktibong kasapi ng *Student Catholic Action* nang dakpin ng mga militar noong 1978. Nasaksihan mismo ni Colmenares ang pagkakagapos ng militar sa isang lalaki na kalaonan ay hinubaran at pinasukan ng alambre sa butas ng butò (labasan ng ihi) (Beltran, 2022, para.

9). Sinabihan din si Colmenares ng militar na siya ang susunod na papasukan ng alambre sa butò (Beltran, 2022, para. 9).[8] Ang pangtotortyur sa butò bilang paraan ng pagpaparusa ay kinasangkapan ng Batas Militar ni Marcos upang palaganapin ang kaisipang "*to extract information for the democracy* (G.E. Melencio, personal communication, 2024)."

Sa kabila ng pagpapakasaya ng butò ni Marcos sa unang banda at pagpapahirap sa butò ng ilang mga bilanggong politikal sa kabilang banda, minsan nang naiugnay ang butò sa konsepto ng *Maharlika.* Hindi lingid sa ating kaalaman, sa ilalim ng *Kilusang Bagong Lipunan,* kinahiligan ni Marcos ang paggamit sa diwa ng *Maharlika* upang ipamalas ang diumanong "kaunlaran" at "nasyonalismo" sa ilalim ng Batas Militar. Buhat pa ito sa kaniyang gawa-gawa o kasinungalingang *Ang Mga Maharlika* o isang yunit-gerilya na diumano ay lumaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang pabrikadong salaysay na ukol sa pagkakaroon niya diumano ng mga medalyang iginawad ng Estados Unidos. Anopaman, ang kasinungalingang ito ay kaniyang kinasangkapan para sa pangangampanya para sa re-eleksiyon sa Senado at kalaonan ay sa Pampangulohan—kapwa noong dekada 1960 (tingnan Javar, 2016, pp. 39-42). Mandato ng *Maharlika* ng Batas Militar ang "pagpapaganda" ng bansa at kalaonan ay iminungkahi noong 1978 ni Senador Eddie Ilarde na palitan ng *Maharlika* ang pangalan ng Pilipinas. Ang ganitong hakbang ay tinangkang buhayin ni dating Pangulong Rodrigo Duterte noong 2019 (Flores, 2019, para. 1-2), gayong kahit na mismo ang pagtingin at pananangkapan ni Marcos hinggil sa *Maharlika* bilang nobilidad ay mali. Sapagkat ang *Maharlika* ay hindi katumbas ng *Maguinoo* at isang estrukturang Tagalog para sa mga taong *malaya* (*freemen*) o *warrior class,* katulad ng binanggit nina William Henry Scott (1994, p. 219), Samuel Tan (2012, p. 45); at Jean-Paul Potet (2017, p. 422).

Kung gayon, bakit naipasok ang *Maharlika* sa butò? Mula nang buhayin ni Duterte ang legasiyang Marcos ukol sa pagpapapalit ng pangalan ng Pilipinas, tinutulan sa *social media* na ang layuning ito ay magdadala diumano sa kahulugang literal na *Republic of Big Penis* (Harder, 2019, para. 1 & 6-8). Bagaman mapang-insultong tinuligsa ng nagngangalang "Pepe Alas" ang panukalang ito ni Duterte na tinawag niyang "Viva La Republica de FeliPenes", wala rin namang pinagbabatayang pag-aaral ang pagbanggit ni Alas na "*FYI: Maharlika is derived from the Sanskrit word "maha lingga" which*

*means "Big Phallus* (Alas, 2019)." Tama nga at ang *maharlika* o *mahadlika* o *mahadlikâ* ay posibleng buhat sa salitang Sanskrit na *maharddhika* o "makapangyarihan" at *mahâdhanika* o "labis na yaman" (Potet, 2017, p. 422) ngunit wala itong kaugnayan sa *maha lingga* o malaking butò, katulad ng ipinahayag ni Alas (2019). Tama rin na ang *linga* ay literal na butò [buto ni Shiva]. Ito man ay isang *ekamukhalingga* [hugis butò na may nakamarkang mukha] at *mukhalinga* [butò na may mukha], katulad ng mga karaniwang nakikita ko sa paglalakbay at pananaliksik sa ilang museo sa Timog Silangang Asya na nabihag ng impluwensiyang Hinduismo-Buddhismo (tingnan Tugano, 2023), masasabing walang kaugnayan ang *Maharlika* sa butò. Ngunit sa kabuoan, ang "nasyonalismong" *Maharlika* at Batas Militar ni Marcos ay lumipol sa karapatang pantao, kasama rito ang pagpupuntirya sa butò bilang bahagi ng interogasyong politikal.

***B. Butò at ang phallokrasiya ni Rodrigo Roa Duterte (2016-2022)***

Hindi nakapagtataka na marami sa mga tagasunod ni Rodrigo Roa Duterte ay isa ring mga tagahanga ng mga Marcos. Batay kay Julio Teehankee (2017), ang lehitimasyon ni Duterte sa rehimeng Post-EDSA ay nagdala sa negatibisasyon ng EDSA sa kabuoan (pp. 37-38). Paraan ito ni Duterte upang banatan ang rehimeng EDSA at itampok ang awtoritaryang rehimen bilang "ginintuang panahon" na "sinira" diumano ng rehimeng EDSA. Kinasangkapan samakatuwid ni Duterte ang hakbangin ni Marcos sa tinuran niyang "pagbabago." Ngunit sa kabila ng mga pagkakatulad na ito, may isa ring bagay ang maitatambal sa pagkatao nina Marcos Sr. at Duterte—ang kanilang mga butò. Inilihim ni Marcos ngunit ibinunyag ni Dovie Beams ang "maliit niyang titi" samantala, sa maraming pagkakataon ay iniladlad at ipinagmalaki naman ni Duterte, sa kaniyang mga *presidential speech*, ang "laki" at "haba" ng kaniyang butò. Naipaliwanag ko ang kabuoang detalye nito sa mga naunang pag-aaral (Tugano & Santos, 2022; Tugano, 2024). Unang naringgan si Duterte noong 2019 sa isang *senatorial campaign rally* sa Puerto Princesa City Coliseum sa Palawan, kung saan sinabi niyang butò ang sukatan ng pagiging "tunay na lalaki". Dagdag pa niya, ang ulo ng kaniyang butò ay umaabot pa diumano hanggang sa kaniyang pusod:

Sa totoo, **ang lalaki is measured by his character**. Hindi iyon pagwapo tapos wala ka namang (ayoko nang magsalita dito, nandiyan ang boss ko eh). Gwapo-gwapo ka diyan, tapos paglabas ng titi, maliit pala. Hindi

man ako, una kong sabi rito sa mga. Puta, ayan yan? **Ang liit naman. Ako bigyan ng Diyos ng ganoon kaliit, putulin ko 'yan sa harap ng altar**. Hah. Tangina mo 'yan lang pala binigay mo, putulin na natin. Eh, kung sa dormitoryo nakita riyan kagaya namin. Sa YMCA, wala! Hubad lahat iyan, lakad-lakad ka riyan sa corridor, hubad 'yan. Sinong taga-YMCA dito? Wala 'yan tapis-tapis, tamo, diyan mo makita kapag kaumaga. Ako hindi ako nagyayabang. Mahirap na kasi magyabang kasi. Doon punta ako ng dormitoryo, ang tuwalya ko hindi ko ginaganon [sinasabit-sabit], pinapatong ko tapos lakad ako. Bilib sila, Putangina Duterte, tigasaway [tigasin]. Oh may buhay pa ba na taga-YMCA dito sa Pilipinas? Maraming nakikinig ngayon eh. 'Diba pabiliban tayo. Punta ng dormitoryo, nakahubad 'tas nakatuwalya. Ako, Putangina, sige mabilib kayo? Kasi noon, bata pa, nakaharap talaga sa langit halos eh. Pataas man. **Naghahalikan na yung ulo doon sa pusod ko eh**. 'Yun ang binigay. Pasalamat ako sa Tatay ko. **At least pinalabas niya ako sa mundo, highly equipped**. Noon bata pa kami noong magpunta kami, doon sa mga babae, magtakbuhan. Nagtago. Ayaw namin yan oh, yang payat na yan. Ayaw nang huminto. Lugi sila (akin ang diin) (tingan Tugano & Santos, 2022, p. 40; Tugano, 2024, pp. 239-240).

Noon pang 2017, una nang naringgan si Duterte, habang binabanatan sa talumpati si Francisco Tatad. Gayundin noong 2019 habang nangangampanya para sa PDP-Laban si Duterte sa South Cotabato:

> [P]umunta daw ako ng China, nagpagamot ako. Sa inis ko sabi ko, pumunta ako ng China, totoo 'yan! Nagpahospital ako, **nagpatuli ako ulit**. Kasi yung **tuli ko** noong Grade 3 lang ako, ganun naman (pinupokpok). **Pinalinis ko para round talaga**. Tatad, **baka ikaw yung** supot (akin ang diin) (Tugano, 2024, p. 246).
>
> Sabi niya naoperahan daw ako sa kidney tapos ganoon, tapos may cancer daw ako. Araw-araw niyang sinusulat 'yun sa column niya. Ako naman sa katagalan, nagduda na tuloy ako kung mayroon. Kaya bago pa ako maligo, hinahawakan ko puwit ko, inaamoy ko. Amoy igit pala ito. Malaman mo naman cancer kasi… You know, cancer simply means your body is rotting. Your body is eating itself.

> Gayun yan eh sirain niya muna tapos papasok na immune system mo, pasok na bacteria saka birus [virus] kaya ka nagka-cancer. Ikaw putangina ka Tatad. Ikaw Tatad. Ang sakit mo alam ko at kilala ko doctor mo. Sabi niya ikaw may advanced na ang diabetes mo. Kaya sabi niya, Tatad–o, '**di na mautugan (sabay taas ng mikropono)** [mahabang katahimikan]. Ang may diabetes na tao ay **ganun na (hindi na tumatayo)** (binaba ang mikropono) (akin ang diin) (Tugano, 2024, p. 247).

Mapapansin sa mga siniping pahayag ang mataas na ingklinasyon ni Duterte sa kaniyang sariling butò. Kung para sa pagsusuri ni Vicente Rafael (2021) sa kaniyang aklat na *The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte* at sa mas mga naunang artikulo sa *Rappler* (Rafael, 2020a, 2020b), ang pananangkapan ni Duterte sa kaniyang butò ay nasasalamin sa kaniyang "pagkatakot" sa kababaihan (Rafael, 2021, p. 54), at tinugunan naman ng aking pag-aaral (Tugano, 2024) na ang pananangkapang ito sa butò ay pormal na magdadala sa kaniyang estado para tawagin bilang *phallocrat.* Ito ang tawag sa uri ng mga lider na ginagamit ang butò upang tuligsain ang kapangyarihan ng kababaihan at mga kritiko, na siyang nasasalamin sa politika ni Duterte.

Pinatunayan ni Eva Keuls (1993) sa kaniyang aklat na *The Reign of the Phallus: Sexual Politics in Athens* na ang demokrasya ng sinaunang Griyego ay nakasandig sa phallokrasiya. Ito ay nasasalamin din lalo na sa mga estatuwa at pinta sa palayok ng sinaunang Graeko-Romano na kadalasan makikitang pinapana at/o pinupuntirya ng kalalakihang sundalo ang suso ng mga matatapang na kababaihang Amazon (Tugano & Santos, 2022, p. 31; Tugano, 2024, pp. 231-232). Ganito ang galawan at salitaan ni Duterte sa kung papaano niya pinupuntirya ang pamamaril sa puki ng mga hinihinalang kasapi ng *New People's Army* (NPA) at sa ilang matatapang na kababaihang humamon sa kaniyang pamumuno (Tugano, 2024, p. 231).

Kapansin-pansin din ang ingklinasyon ni Duterte sa mga baril. Makailang-ulit na naririnig na libangan ni Duterte ang pamamaril. Halimbawa, nang minsang tanungin siya kung ano ang kaniyang gagawin matapos ang termino sa pagiging Pangulo. Aniya, babalik siya sa Davao at roronda gamit ang motorsiklo at mamamaril na lamang ng tao (Mendoza,

2022, para. 2). Samakatuwid, may subliminal na pag-uugnay sa pagitan ng baril at ng butò. Matagal nang binuo sa Kanlurang konsepto ang *gun phallocracy* o ang kultura ng pamamaril na may kaugnayan sa *white supremacy* at *toxic masculinity* na sinasabing legasiya ng *colonial machismo* (Lim, 2015; Ukockis, 2019, p. 116, sipi sa Tugano & Santos, 2022, p. 32). Kaya nga, ang ingklinasyon ni Duterte sa kambal na katangian ng pamamaril at panggagahasa ay naiugnay din sa isang pelikulang *Babae at Baril* (2019) (Larawan 6) na idinirehe ni Rae Red. Tungkol ito sa panggagahasa ng karakter ni Felix Roco kay Janine Gutierrez na habang ginagahasa ay sinabihang, "*gusto mong iputok ko sa'yo 'to* = butò na magpapalabas ng semilya (tamod)." Samantala, maghihiganti sa huling bahagi ng pelikula si Janine nang kaniyang pinatay at binaril si Felix (Tugano & Santos, 2022, p. 41).


Katulad ni Marcos Sr., naging tampulan din ng katatawan ang butò ni Duterte sa midya. Ikinabit ito sa pagiging duwag ni Duterte sa pagtatanggol ng soberenya ng Pilipinas laban sa pag-aangkin ng Tsina sa West Philippine Sea. Mapapansin ang isang larawan na nagpapakitang "malaki" ang butò ni Duterte ngunit walang bayag upang harapin ang totoong sitwasyon (Larawan 7). Naglabas pa ng isang mala-tulang pahayag na pinamagatang *Kay Prisidinti Dutiti:*

**Kay Prisidinti Dutiti**

Ang paglaki ng oportunidad ng trabaho sa sariling bayan
Ang paglaki ng aming maliit na sahod
Ang pagtayo ng aming bandila sa WPS (West Philippine Sea)
Ang matigas na paninindigan sa ating kalayaa't soberanya
Ang paghuli sa malalaki at totoong druglords
At ang paliwanag sa mabilis na paglaki ng inyong yaman
Iyan po ang gusto naming marinig
Hindi ang **paglaki, pagtigas at pagtayo ng inyong titi** (akin ang diin) (Tugano & Santos, 2022, pp. 41-42).

Nariyang makikita rin ang larawan ng isang orinola na nakasabit sa butò (Larawan 8) at tila ipinahihiwatig na kaniyang ipinamimigay ang Pilipinas habang nakagapos ang kaniyang mga kamay. Tanging mapapansin ang matigas niyang butò na nagsisilbing kamay ng kaniyang pamumuno.

**Larawan 6.** Babae at Baril (2019)




Ipinapakita ng pelikulang ito ang subliminal na ugnayan ng butò at baril (Red 2019).

**Larawan 7.** Ang butò ni Duterte bilang hari




Tulang *Prisidinti Dutiti* na nagsilbing sagot ng kritiko sa mga talumpati niyang nagtampok sa sariling butò (Ang Lagalag 2019 as cited by Tugano at Santos 2022).

**Larawan 8.** Ang butò ni Duterte bilang kamay



Nakagapos ang kamay ni Duterte habang ipinang-aabot ang butò o pagkakaloob ng Pilipinas sa Tsina (Ang Lagalag 2019 as cited by Tugano at Santos 2022).

## Butò ni Judas at mga "kasalukuyang Judas" sa kawalan ng bayag

Sa ilang salaysaying bayan, nabanggit na may bayag si Judas. Gayumpaman, hindi rin ito nagamit dulot na ito ay "hindi pantay" at bunga ng kaniyang kataksilan kay Hesus. Ipinamalas ng mga "kasalukuyang Judas" na sina Marcos Sr. at Duterte ang kanilang mga butò ngunit hindi ang bayag. Bagaman hindi binanggit ni Mbembe (2019) na kung maliit o malaki man ang butò ng mga autokrata, ngunit malinaw na nakatindig at/o nakatayo (*erect*) pa rin ito. Dinalumat ko rin sa nasabing pag-aaral (Tugano, 2024) na magkaiba ang simbolismo ng bayag at butò kung ang pag-uusapan ay ang kaanyoang semantiko at metaporikal na kahulugan nito (p. 217). Sa bayag nakasentro ang kalakasan, katapangan, at kapangyarihan—*i.e. pagpipitpitan ng bayag* bilang anyo ng pagtutuos (Tugano, 2024, p. 218). Nakapagsipi pa ng mga tampok na kataga sa ilang pelikulang Pilipino na makapagsasabing bayag ang simbolo ng katapangan:

> "Bador ang minumura, 'yun lamang kakaining itik. At alam ko sa mga nagmu-mura, **mga walang bayag**.
> –Fernando Poe Jr., *Iyo ang Tondo, Kanya ang Cavite* (Santiago, 1986)

> "Hindi mo ako kaya, **wala kang bayag**."
> –Eddie Garcia, *Boyong Mañalac: Hoodlum Terminator* (Rodriguez, 1991, sipi sa Tugano, 2024, p. 217).

Gayundin sa ilang pelikulang historikal na naging tampok sa kasalukuyang panahon:

> "Walang magiting sa Ilocos Sur? Pare-pareho tayong naghirap papunta dito, ni **wala isang tinubuan sa inyo ng bayag**?"
> –Koronel Vicente Enriquez (Carlo Aquino), *Goyo: Ang Batang Heneral* (Tarog, 2018, sipi sa TrekReichen, 2019).

> "Komandante, inyong sabihin kay Heneral Luna na **kung siya'y may bayag ay ganoon din si Heneral Mascardo** na maipaglalaban sa kaniya"
> –Tomas Mascardo kay Major Eugenio Hernandez, *Heneral Luna* (Tarog, 2015)

Sa pelikulang *Heneral Luna* (Tarog, 2015), makikitang dinakot ni Heneral Antonio Luna ang butò ng Caviteñong si Pedro Janolino (Ketchup Eusebio) (Larawan 9) at ipinahiya sa mga tauhang sundalo nito (tingnan Tiongson, 2016, pp. 138, 145). Dahil nabigo ang huli na magpadala ng mga tauhan sa Labanan sa Kalookan na pinapabagsak noon ng mga Amerikano. Ani Luna habang hawak-hawak ang butò ni Janolino, "*kaawa-awang mga sundalo ng Kawit, nasa* ***maling ulo*** *ang utak ng inyong pinuno, at hindi naman gaanong kalaki ang utak niya* (akin ang diin) (Tarog, 2015)." Isa ring Judas kung tutuosin si Janolino o "Pedrong Kastila" (Ocampo, 2024, para. 6) sapagkat isa siya sa mga hinihinalang pumatay kay Luna sa Cabanatuan noong 1899.

**Larawan 9.** Pagdakot at pagpisa ni Antonio Luna sa butò ni Pedro Janolino



Depiksiyon ng pelikula hinggil sa galit ni Luna kay Janolino na nabigong sundin ang utos ng heneral (Tarog 2015).

Ipinapakita sa bahaging ito na higit na may panloob (*inner strength*) ang bayag samantalang kadalasan nasa panlabas (*extroverted exhibitionism*) ang butò o na ginamit sa pang-aapi ng kapwa (Z. Salazar, personal communication, 2022, sipi sa Tugano, 2024, pp. 218, 264, n. 1). Kaya nga ayon sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Juan de Noceda, Pedro de San Lucar, at Pablo Clain (1860), ang *sin cojones* (walang bayag) ay nangangahulugang *cobarde* o *acobardarse* =karuwagan na maitutumbas anila sa *duag, dusong, bayoguin,* at *tucang* (Noceda *et al.*, 1860, p. 467, sipi sa Tugano, 2024, p. 218). Idagdag pa ang sinabi ng mga Amerikanong mananakop na *the only one with balls in this country are its women* (Z. Salazar, personal communication, 2022, sipi sa Tugano, 2024, p. 218) o *the best men are the Filipino women* (Sta. Romana-Cruz, 1998, p. 168, sipi sa Tugano, 2024, p. 218) upang ilapat ang "*bayag na may tapang"* sa ilang kababaihang naghimagsik laban sa mga kolonisador. Ito rin ang pinaghuhugutang dalumat kung bakit itinuring si Duterte bilang isang *phallocrat* na nagsabing "*aabot ang kaniyang titi sa pusod"* noong 2019 at "*ang utog ay nakababawas aniya ng katapangan at kagalingan*" noong 2017. Ito ay upang apihin ang kababaihan at kapwa-lalaking kaniyang niyuyurakan ng dangal (Tugano, 2024, p. 235) ngunit walang bayag upang harapin ang pandarahas halimbawa ng Tsina sa bansa at iba pang suliraning politikal (tingnan Tugano & Santos, 2022; Tugano, 2024).

Samantalang si Marcos Sr. ay tumakas sa Pilipinas patungong Hawai'i habang dala-dala ang mga nakaw na yaman at iniwan ang pananagutan sa sambayanang Pilipino. Ang kaugnayan at/o pag-uugnay kina Marcos at Duterte sa butò ay subliminal na katangiang tinataglay ng isang Judas, biblikal man o sa kasalukuyang kahulugan.

## Butò at pagpapatiwakal

Ang pagpapatiwakal ay siyang ikalawang katangian ng ikonograpiya ni Judas sa kasaysayan. Kung siya ay mayroong butò (na walang bayag=tapang) ngunit nagawa pa ring magpakamatay, ang butò kung gayon ay nagiging simbolismo rin ng pagpapatiwakal ng ibang tao, lalo na ang kababaihan. Sa euphemismo, ang anomang mga sandata ay isang larawan ng butò. Pinatotohanan ito ni Aliraza Javaid (2017) na aniya, ang butò ay isang *weapon of power*. Gayundin sa isang artikulo na pinamagatang "Phallic Weapon," kung saan sinasabing, "*guns, cannons, swords, daggers... they're all*

*penises* (TV Tropes, n.d., para. 1).” Ang mga sandatang ito ay nakapapasok sa laman ng tao at nakamamatay kinalaonan:

> In the case of guns, **they even “ejaculate” bullets**, while swords tend to have a suggestive shape, guard positions where the hilt is held crotch height, and thrusting attacks. Even better if they are combined (bayonets on guns are the simplest applications of this, as well as any syringe-like weapon) or **carried inside a man’s pants** (akin ang diin) (para. 2).

Nakamamatay at/o nakapapatay ang mga sandatang katulad ng butò na ginamit sa mga walang kalaban-labang indibiduwal, lalo na sa paraan ng panggagahasa. Ibig sabihin, dahil sa mga ganitong gawain, may ilang kababaihang tinatapos ang sariling buhay dahil sa panggagahasa. Gayumpaman, hindi naman bago, ngunit bibihira o ‘di-pangkaraniwang nangyayari sa lipunang Pilipino ang pagpapatiwakal bagaman laganap ang konseptong ito sa ilang pangkat-etniko.[9] Ayon kay Ubaldo (2016), maipopook ang pagpapatiwakal sa mismong konsepto ng mga Pilipino sa kamatayan. Aniya, ang *patiwakal* ay tumutukoy sa pagiging *aburrido*, kawalan ng gana, kawalan ng pag-asa, at pagkabagot sa sinapit na hindi magandang kapalaran (p. 115).

Sa kasong ito, ang negatibong imahe ng pagpapatiwakal ang pagtutuonan ng pansin, higit lalo sa pagpapatiwakal nang dahil sa pagiging Judas ng butò. Sa katunayan, “*rape as an act of genocide*” ang pagtingin ni Russell-Brown (2003) sa panggagahasa na kumasangkapan sa mga butò:

> It is specifically rape under orders. This is not rape out of control. It is rape under control. It is also rape unto death, rape as massacre, rape to kill and to make the victims wish they were dead. It is rape as an instrument of forced exile, rape to make you leave your home and never want to go back. It is rape to be seen and heard and watched and told to others; rape as spectacle. It is rape to drive a wedge through a community, to shatter a society, to destroy a people. It is rape as genocide (p. 350).

Isang magandang halimbawa ng korelatibong ugnayan ng butò at pagpapatiwakal ay ang kontrobersiyal na nangyari kay Pepsi Paloma o Diana Smith noong 1985. Si Paloma ay isa sa mga *soft drink beauties* na sumikat noong dekada 1980 sa tulong ni Rey de la Cruz na karaniwan ay nagpapasikat ng mga may potensiyal na kabataan (Tolentino, 2000a, pp. 94-95). May isang alegasyon (*alleged rape* case) noon sa kasaysayan ng *showbiz* na ginahasa diumano si Pepsi noong Hulyo 1982 (Gabinete, 2020, para. 15). Ngunit, ibinasura ang kaso na nauwi sa pagpapatiwakal at/o pagbibigti ni Paloma noong 1985.[10] Marami pang kaso ang lumilitaw hanggang sa kasalukuyang panahon hinggil sa pagpapatiwakal ng kababaihan dulot ng panggagahasa ngunit hindi gaanong naitatala at nabibigyan ng pansin.

Sa katunayan, nauuwi pa nga kung minsan sa *victim blaming* o paninisi sa biktima, sa halip na ituon ang sisi sa mga gumawa ng krimen. May naging lektura si Sandra Honorio (2017) sa isang komperensiya na pinangunahan ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), na ayon sa kaniya, ang *victim blaming* ng *sexual harassment* ay "isang matibay na halimbawa ng *correspondence bias* na kadalasang iniuugnay ang sanhi ng isang pangyayari sa panloob na disposisyon ng mga biktima sa kabila na mayroon itong *situational constraints* (p. 60)." Walang katotohanan na sanhi ng mga panggagahasa ang paraan ng kasuotan at/o kilos ng kababaihan. May pagbanggit si Susan Brownmiller (1975) na nanggagahasa ang kalalakihan dahil "kalikasan" nito ang magkaroon ng butò (*equipped with the tools [penises] to do so*) (sipi sa Helliwell, 2000, p. 795), gayumpaman, kailangan pa ring pagdudahan ang *generalization* na ito. Ang mga mapaminsalang butò na nagiging dahilan ng pagpapatiwakal ng iba ang maaaring maipasok bilang halimbawa sa depinisyon na inilatag ni Brownmiller (1975). Dahil sa ilang lipunang Pilipino, lalo na sa sinaunang pamayanan, hindi ayon at/o nagiging kultura ang panggagahasa at lalo na hindi ipinaghihiwalay ang butò at puki. Subok na ang ganitong paniniwala sa inilabas na mga pag-aaral, na ang sapilitang pakikipagtalik ay nagpapahinto sa balanse ng mundo.[11]

## KONGKLUSYON

Ang heortophallikong pagtingin sa butó ni Judas ay nagbigay-linaw sa kung papaano mapag-uugnay at mailalapat ang katauhan ni Judas Iscariote sa kontemporanyong politika ng Pilipinas. Bagaman itinanggi ng mga

Simbahang Katoliko ang pinagmulan ng ritwal na ito, kundi sa Iglesia Filipina Independiente, ngunit Kristiyano pa rin ang katangian, masasabing inangkin ng mga Antiqueño si Judas nang lagyan ito ng isang butòng pasasabugin. Ginamit ang butò bilang sentro ng katuwaan, kaligayahan, at/o pagtatampok sa pagtatraydor at pagpapatiwakal ni Judas sa kasaysayan. Mula sa mga naunang pag-aaral (Cruz-Lucero, 2003, 2006, 2007; Tuazon, 2023) hinggil sa kahulugan ni Judas sa nasabing tradisyon, nilakipan ito ng pagpapalawig at pag-uugnay sa mga tinurang "Kasalukuyang Judas." Ito ang diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr. at si Rodrigo Duterte na katangi-tanging mga lider ng Pilipinas na nasangkot sa usapin ng butò. Mailalapat kung gayon ang konseptong binanggit ni Rolando Tolentino (2000b) hinggil sa *presidential body* bilang "*model to emulate is both prolific and distant to national bodies* (p. 85)," gayumpaman, mas akma ito kay Duterte na tahasang ipinagmalaki ang haba at laki ng kaniyang butò sa kaniyang mga *presidential speech* noong 2017 at 2019, habang niyuyurakan ang kababaihan at mga katunggali sa politika. Samantala, ang butò ni Marcos Sr. ay nasangkot sa eskandalo—ang pakikipagtalik at pagpapatsupâ kay Dovie Beams, na malaon ay kumalat sa publiko at naging isa sa dahilan diumano upang kaniyang itulak ang deklarasyon ng Batas Militar. Kapwa kinasangkapan ng dalawang lider ang kanilang mga butò higit lalo ni Marcos Sr. na sa kaniyang panahon ng panliligalig, pinuntirya ng militar ang butò ng mga detenido bilang bahagi ng interogasyong politikal. Ipinamulat ng pag-aaral na ito ang isang katangian ni Judas na mangtraydor habang ipinapakita ang posibilidad na maipasok sa usaping somatiko at kultura ang butò ng mga "Kasalukuyang Judas" ng lipunan at politikang Pilipino.

## *PASASALAMAT at PAGKILALA*

*Ang artikulong ito ay hango sa ilang porsiyentong nilalaman ng aking Tesis Masterado sa MA Philippine Studies, Asian Center, University of the Philippines (UP) Diliman. Nagpapasalamat sa aking tagapayo na si Dean Prof. Noel Christian A. Moratilla, Ph.D. Gayundin, sa mga kasapi ng panel na sina Prof. Ariel C. Lopez, Ph.D. at Prof. Maria Dulce F. Natividad, Ph.D. Utang din sa aking reader critic na si Dean Prof. Joefe B. Santarita, Ph.D. ang pagpapalawig sa paksang nakauganay kay Ferdinand Marcos Sr. at sa ideya ng Maharlika at kung papaano ito naiuugnay sa usapin ng butò.*

*Hindi matatawaran ang kaalaman at panayam kasama si Prof. Zeus A. Salazar, Ph.D. na siyang nagbigay-diwa sa akin na pag-aralan ang phallokrasiya ni Rodrigo Roa Duterte. At kay Prof. Vicente C. Villan, Ph.D. na siya namang naghikayat na paksain ang butò sa isang Tesis Masterado, ilang taon na rin ang nakalilipas. Panghuli, kinikilala ang ambag at tulong ng mga dating kasamahang guro sa UP Los Baños na sina Prof. Roderick C. Javar, Ph.D., isang dalubhasa sa Araling Batas Militar sa Pilipinas at sa talambuhay ni Marcos Sr., para sa mga panayam, personal man o sa messenger at pagbabahagi ng ilang sipi mula sa kaniyang mga naging pag-aaral; Prof. Gloria E. Melencio, Ph.D., mamamahayag at nakapagbigay ng ilang babasahin at balita ukol sa pangtotortyur sa butò noong panahon ng Batas Militar sa Pilipinas; at kay Prof. Jarl Matthew P. Tuazon, para sa pagbibigay-kaalaman ukol sa Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas (Hudas-Hudas) na kaniyang ipinaksa sa Tesis Batsilyer. Liban pa sa mga huntahan, personal man o sa Messenger, pinagpapasalamat din sa kaniya ang ilang larawan at impormasyon tungkol sa nasabing padiriwang.*

---

***Axle Christien J. Tugano** is a Faculty Member of the Department of Social Sciences and Legal Management, Lyceum of the Philippines University, Manila. He served as a faculty member of the Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños, Laguna. His research interests revolve around diaspora, travel writing studies, identities, local history, and intercultural relations published in various local, national, and international journals.*

**TALAHULI**

[1] Sa kabuoang pag-aaral, ginamit ang butò bilang katawagan para sa titi, *phallus,* o *penis,* sa kadahilanang ito ang laganap na salita sa mga wikang kabilang sa Proto-Austronesyano (PAN) at sa mga wikang katutubo sa Pilipinas (Tugano, 2025).

[2] Karaniwang nagsusunog ng *effigy* ang mga bansa sa Timog Amerika o Caribbean at mangilan-ngilan sa Europa katulad ng Greece. Tinawag na "Orthodox celebrated Easter" ang 25-taon nang ritwal na ginagawa sa Ermioni, sa tangway Peloponnese, malapit sa Athens, ang pagsusunog sa *effigy* ni Judas bilang simbolo ng kataksilan at pagkagahaman (Socolovsky, 2018, para. 2-3). Sa isang *sacapula* o bayan sa Guatemala, itinatali ang *effigy* ni Judas sa puwitan ng isang toro. Sa oras na sinindihan ang *effigy,* bibitawan na ang taling nakapulupot sa toro at ito at patatakbuhin (Shoaps, 2009, p. 462). Suportado ng pamahalaan ang tradisyon ng pagsusunog sa

*effigy* ni Judas sa Costa Rica. Sa katunayan, nagpapadala pa ng mga bumbero ang pamahalaan upang maging alerto sa nasabing pagsusunog sa kadahilanan ang selebrasyong ito ay ginaganap tuwing tag-init (Lopez, 2023, para. 4). Samantala, kinasangkapan sa Venezuela noong 2008 ang *effigy* ni Judas na kanilang inihulma sa imahen ng isang negosyante na sumisimbolo sa Exxon Mobil, isang kompanya ng gas na nakabase sa Estados Unidos at sinasabing nagpapahirap sa mga mamamayang Venezuelan at Timog Amerika (Daniel, 2008, para. 1). Sa Paraguay, bagaman ay kinikilala pa rin ang tradisyon ng mga katutubong Guarani, kasama rin sa kanilang pagdiriwang ang pagsusunog sa *effigy* ni Judas, isang singkretismo ng paniniwala (Miller, 2012, para. 2-3). Sa Chile, sabay na itinatanghal ang Birhen ng Tirana (Pozo Almonte, El Tamarugal) at ang pagbitay sa *effigy* ni Judas tuwing Biyernes Santo (Yeager, 1999, p. 434). Gayundin sa Veracruz, Mexico at sa Dominican Republic, ang huli ay nagsusunog ng *effigy* tuwing Lenten Cimarron (Maroon) Festival (Wanless, 2021, p. 32). Sa Brazil, sa inilabas na larawan noong 1839, ipinakita ni Jean Baptiste Debret na sabay na sinusunog ang manikang nasa wangis ni Judas, katabi ang isang demonyo (Debret, 1839).

[3] Nag-iba ng pananaw si Gregorio Aglipay na gumiit na kailangan magkaroon ng karapatan ang mga paring Pilipino sa Simbahang Katoliko. Hiniling ito ni Aglipay sa kataas-taasang lupon ng Santo Papa ngunit ito ay ikinagalit ni Arsobispo Bernardino Nozaleda kaya noong Abril 29 o Mayo 5, 1899, ineskomulga niya si Aglipay sa Simbahang Katoliko. Hindi nagpatinag si Aglipay sa mga banta at pakiusap ng mga Heswita na bumalik siya sa Simbahang Katoliko. Sa halip, sinuportahan pa siya ni Isabelo delos Reyes, ang tagapagtatag ng *Union Obrera Democratica* upang magtayo ng hiwalay na simbahan si Aglipay. Dahil líder ng unyon si delos Reyes kung bakit pawang mga manggagawa at mahihirap ang naging kasapi ng IFI. Noong Oktubre 26, 1902, nagsagawa ng kauna-unahang misa ang IFI at itinalaga bilang *obispo máximo* (kataas-taasang obispo) si Aglipay (Agoncillo, 1980, pp. 228-230).

[4] Humina rin ang Katolisismo sa San Pedro dulot ng pagkabahala at malaon ay nauwi sa pagtakas ng mga prayle dulot ng kanilang pangamba na lusubin ng mga *Pulahan*. Tinugunan ni Aglipay ang mga naiwang responsibilidad ng mga Katolikong prayle sa mga mamamayan (Cruz-Lucero, 2003, p. 315).

[5] Ang mismong *effigy* ay tinatawag din bilang “Katas ng Saudi” sa kadahilanan ang karamihan sa mga nagbibigay-pondo rito ay mga migranteng manggagawa. Noon pa man ang Antique ay pinagkukuhanan na ng mga manggagawa kaya tinawag din silang “Lupain ng mga Sacada” dahil tumutungo sila sa Negros upang magtanim at/o mag-ani ng tubo. Samantala, ang mga lokal na mamamayan ay nag-aambag din upang makabili ng mga paputok na gagamitin sa *effigy.* Kaniya-kaniyang toka sa pag-aayos ng *tagahakot sang uhut* o ang pinatuyong palay at *tagatahi sang sinamay* o tagatahi ng mga abaka (Lucero, 2007, pp. 74, 86-87).

[6] Ang *parapanangis* ay isang inimbentong kompetisyon kung saan nagpapaligsahan at/o nagpapagalingan ang mga kalahok sa pag-iyak, pagsigaw, at paghagulgol sa harap ng *effigy* ni Judas (Tuazon, 2023, pp. 22-23).

[7] Tingnan bilang mga halimbawa ang pagtataksil ni Raha Tupas kay Dagami (Scott, 1986); panlalaglag ni Antonio Surabao, Datu ng Calamianes, Palawan sa dapat sanang Sabwatan ng Tondo noong 1588 (Kimuell-Gabriel, 2013, p. 156); sina Miguel

Vicos at Pedro Becbec na nakipagsabwatan kay Obispo Bernardo Ustariz upang pataying patalikod si Diego Silang (Palanco, 2002, p. 529); si Teodoro Patiño na nagbunyag kay Padre Mariano Gil hinggil sa lihim ng Katipunan (Escalante, 2017, p. 462); ang Kristiyanong Igorot na si Januario Galut na nagturo kina Peyton March sa kinaroroonan ng kampo nina Gregorio del Pilar sa Pasong Tirad na naging dahilan ng pagkamatay ng huli (Agoncillo, 1980, p. 224); at marami pang iba.

[8] Gayumpaman, hindi siguradong napagdaanan din ni Colmenares ang katulad na tortyur sa butò. Bagaman, may isang peke o *edited screenshot* na kumakalat noon sa *social media* noong 2021 kung saan winika diumano ni Colmenares ang "*Kinuryente ang tite ko nung Martial Law kaya galit ako kay Marcos,"* ngunit itinanggi ng huli na ito ay peke at isang *edited screenshot* lamang (Rappler.com, 2021, para. 3 & 6).

[9] Nakapagsipi ng ilang katumbas ng pagpapatiwakal, katulad ng *pammapatay/agpapatay/pammapatay iti bagui* ng mga Ilokano; *nagpatay sa caugalingon nga lauas/pagpatay sa caugalingon* (Hiligaynon); *paghicog/pagpatay sa caugalingon* (Sugbuanon/Bisaya); *pamagpacamate* ng Kapampangan; *kapaipadiman* (Ivatan); at *ensiluak* (Bontoc-Igorot) (Ubaldo, 2016, p. 115).

[10] Tumayong abogado ni Paloma sina Rene Cayetano at Lorna Kapunan. Hindi nagtagal, ibinasura rin ang reklamo laban sa mga nasasakdal. May pahayag si Tito Sotto sa DZMM noong 2016 at sa balitang inilabas ng ABS-CBN noong 2018 na "pakulo" lamang ni Rey de la Cruz ang *rape case* noong 1982 (Gabinete, 2020, para. 20 & 28).

[11] Tingnan bilang halimbawa ang mga Gerai Dayak ng Kalimantan Barat, Indonesia (Helliwell, 2000) at ang dahilan kung bakit "walang rape" sa Bontoc (Prill-Brett, 2004; Ocampo & Valle, 2014).

**REFERENCES**

Agoncillo, T. (1980). *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at ngayon, ikalawang edisyon*. Garotech Publishing.

Alas, P. (2019, February 12). Excuse me, President Rody Duterte. The term "Maharlika" doesn't mean nobility… *Facebook*. https://www.facebook.com/pepe1979alas/posts/10155652199745882?ref=embed_post.

Almario, V. (Ed.). (2001). *UP Diksiyonaryong Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino at Anvil Publishing, Inc.

Ambrosio, D. (2008). Batas Militar, 1972-1986 (Unang Serye). https://philippinehistory.ph.

Ang Lagalag. (2019, April 9). Malaki man ang Titi Niya. *Facebook*. https://www.facebook.com/ AngLagalagPH/photos/malaki-man-ang-titi-niya-

walanaman-siyang-bayag-na-aminin-ang-totoo-duterte-inu/1284794631677677/.

Baum, P.F. (1916). The medieval legend of Judas Iscariot. *Modern Language Association*, *31*(3), 481-632. https://www.jstor.org/stable/457014.

Beltran, M. (2022, February 25). Neri Colmenares: The Martial Law Survivor Pursuing a Philippine Senate Seat. *The Diplomat*. https://thediplomat.com/2022/02/neri-colmenares-the-martial-law-survivor-pursuing-a-philippine-senate-seat/.

Blumberg, A. (2015). Drawn and quartered: The law of treason in medieval England. *Medieval Warfare*, *5*(2), 49-52. https://www.jstor.org/stable/48578437.

Brownmiller, S. (1975). *Against our will: Men, women, and rape*. New Simon & Schuster.

Caliwan, C.L. (2017, December 5). SC upholds constitutionality of martial law in Mindanao. *Philippine News Agency*. https://www.pna.gov.ph/articles/1017976.

Covar, P. (2015). Kaalamang bayang dalumat ng pagkataong pilipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Special Issue, 79-90. (Original work published 1993). https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4950.

Cruz-Lucero, R. (2003). Ang pitoy ni hudas-boso sa isang ritwal bilang diskurso. *The Journal of History*, *49*(1-4), 310-325. https://ejournals.ph/article.php?id=5243.

Cruz-Lucero, R. (2006). Judas and his phallus: The carnivalesque narratives of holy week in catholic Philippines. *History and Anthropology*, *17*(1), 39-56. https://doi.org/10.1080/02757200500395568.

Cruz-Lucero, R. (2007). *Ang bayan sa labas ng Maynila, the nation beyond Manila*. Ateneo de Manila University Press.

Daniel, F.J. (2008, March 24). Venezuelans burn Exxon "Judas" in Easter ritual. *Reuters*. https://www.reuters.com/article/us-venezuela-easter-idUSN2329845320080324.

Debret, J.B. (1839). Brazil: Doll at the effigy of Judas and Devil burnt on Holy Saturday, 1839 (engraving). *Meisterdrucke*. https://www.meisterdrucke.uk/fine-art-prints/Jean-Baptiste-Debret/1455963/Brazil-:-doll-at-the-effigy-of-Judas-and-Devil-burnt-on-Holy-Saturday,1839-(engraving).html.

Depierre, D. (2016). *They stoop to conquer: A brief history of oral sex*. Create Space Publishing.

Discover Antique, Philippines. (2022, April 17). Pagbitay kag Pagsunog kay Hudas or Sunog Hudas… *Facebook*. https://www.facebook.com/DiscoverAntiquePH/posts/4808567552604760/.

Escalante, R. (2017). Bonifacio and the Katipunan in the Cuerpo de Vigilancia Archival Collection. *Philippine Studies*, *65*(4), 451-483. https://www.jstor.org/stable/26621977.

Fajardo, C.E. (2016). Sakit ng loob at sakit ng labas: Isang pagsilip sa maikling kasaysayan at kontemporanyong kuwento ng pagtatanghal ng tira bakal sa lunsod ng San Fernando, Pampanga (1961-kasalukuyan). *Saliksik E-Journal*, *5*(2), 221-253. https://ejournals.ph/article.php?id=11418.

Flores, M. (2019, February 13). Duterte wants Philippines renamed 'Maharlika.' *Nikkei Asia*. https://asia.nikkei.com/Politics/Duterte-wants-Philippines-renamed-Maharlika.

Gabinete, J. (2020, May 30). Pepsi Paloma, buhay pa rin sa alaala ng publiko 35 taon pagkatapos pumanaw. *PEP*. https://www.pep.ph/pepalerts/cabinet-files/151738/pepsi-paloma-death-35-years-a734-20200530-lfrm.

Geertz, C. (1973). *The interpretation of cultures*. Basic Books.

Guillermo, R. (2009). *Pook at paninindigan: Kritika ng pantayong pananaw*. University of the Philippines Press.

Hapal, D.K. (2016, February 23). Worse than death: Torture methods during martial law. *Rappler*. https://www.rappler.com/nation/121365-torture-martial-law-marcos-regime/.

Harder, R. (2019, February 13). Republic of Big Penis? Netizen claims the origin of the word 'Maharlika.' *Dailypedia*. https://www.dailypedia.net/2019/02/netizen-claims-the-origin-of-the-word-maharlika/.

Hau, C. (2019). Dovie Beams and Philippine politics: A president's scandalous affair and first lady power on the eve of martial law. *Philippine Studies, 67*(3-4), 595-634. https://www.jstor.org/stable/48564573.

Helliwell, C. (2000). It's only a penis: Rape, feminism, and difference. *Signs*, *25*(3), 789-816. https://www.jstor.org/stable/3175417.

Henares, I. (2010, April 4). Pampanga: Easter Sunday Pakbung Hudas tradition in Minalin & Santo Tomas, Pampanga. *Ivan Henares*. https://www.ivanhenares.com/2010/04/pampanga-easter-sunday-pakbung-hudas.html.

Hobsbawm, E. & Ranger, T. (Eds.). (1983). *The invented tradition*. Cambridge University Press.

Holmes, M. (1999). *The apostolic fathers: Greek texts and English translations*. Baker.

Honorio, S. (2017). Paninisi sa biktima: Ang gampanin ng mga self-konstrual, gender role beliefs at kasarian ng biktima sa correspondence bias. In *Gahum: Ang*

*Sikolohiyang Pilipino sa Usapan at Usaping Kapangyarihan* (p. 60). Silliman University.

Javaid, A. (2017). The penis is a weapon of power: A feminist and hate crime interpretation of male sexual victimisation. *International Journal for Masculinity Studies*, *13*(1), 23-40. https://doi.org/10.1080/18902138.2017.1319708.

Javar, R. (2015). *Retokadong talambuhay, manipuladong salaysay: Ang pananalambuhay kina Manuel Quezon at Ferdinand Marcos*. (Unpublished dissertation). University of the Philippines Diliman.

Javar, R. (2016). Medalyang hinuwad, kagitingang nilubid: Biograpikong paglikha kay Ferdinand Marcos bilang "pinakamagiting na bayani sa digmaan." *U.P. Los Baños Journal, 14*(1), 37-48. https://www.ukdr.uplb.edu.ph/journal-articles/3870/.

Javar, R. (2018). Donjuanismo sa mga naratibo: Pananalaysay sa pambababae nina Manuel Quezon at Ferdinand Marcos sa mga talambuhay. *Diliman Gender Review*, *1*(1), 16-51. https://journals.upd.edu.ph/index.php/DILIMANGENDERREVIEW/article/view/6472.

Javar, R., Asuncion, R.J., Tugano, A.C., & Santos, M.J. (2022). *50-50: Talambuhay ng mga pangunahing personalidad ng batas militar*. Limbagang Pangkasaysayan.

Jimenez, J. (2016, March 26). The resurrection of Peter, Judas and Barabbas in politics. *The Freeman*. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2016/03/26/1566544/resurrection-peter-judas-and-barabbas-politics.

Kapihan ng Bayan. (2024). Mga Hudas sa Panahon Ngayon. *Youtube*. https://www.youtube.com/watch?v=bJ0NnNm61hc.

Keuls, E. (1993). *The reign of the phallus: Sexual politics in ancient Athens*. University of California Press.

Kimuell-Gabriel, N. (2013). Ang Tundo sa inskripsyon sa binatbat na tanso ng Laguna (900MK-1588). In Z. Salazar at M.C. Peñalosa (Eds.), *Ang saysay ng inskripsyon sa binatbat na tanso ng Laguna* (pp. 113-167). Bagong Kasaysayan Inc., at Pila Historical Society Foundation, Inc.

Laeuchli, S. (1953). Origen's interpretation of Judas Iscariot. *Church History*, *22*(4), 253-268. https://doi.org/10.2307/3161779.

Lichtenberger, F. (1878). *Encyclopédie des sciences religieuses*. Sandoz et Fischbacher.

Lim, E. (2015, August 2). Trigger warning: Toxic masculinity in the U.S. gun phallocracy. *Bully Bloggers*. https://bullybloggers.wordpress.com/2015/08/02/toxic-masculinity-in-theu-s-gun-phallocracy/.

Lopez, J. (2023, April 1). Costa Rica firefighters wait for the burning of Judas Iscariot. *The Costa Rica Star*. https://news.co.cr/costa-rica-firefighters-wait-for-the-burning-of-judas-iscariot/45989/.

MacAuley, P. (2023). Heortology. *The Catholic Encyclopedia*. *Robert Appleton Company*. https://www.newadvent.org/cathen/07241b.htm. (Original work published 1910).

Mbembe, A. (1992). Provisional notes on the postcolony. *Africa: Journal of the International African Institute, 62*(1), 3-37. https://doi.org/10.2307/1160062.

Mbembe, A. (2006). On the postcolony. A brief response to critics. *African Identities, 4*(2), 143-178. https://doi.org/10.1080/14725840600761096.

Mbembe, A. (2019). *Necropolitics.* Duke University Press.

Melencio, G.E. (2012, December 4). Adora Faye de Vera. *Martial Law Files: A History of Resistance*. https://martiallawfiles.wordpress.com/2012/12/04/adora-faye-de-vera-2/.

Mendoza, J.E. (2022, May 7). Motorbike-riding Duterte to Hunt for Criminals after His Term. *Inquirer.net*. https://newsinfo.inquirer.net/1593464/motorbike-riding-duterte-tohunt-for-criminals-after-his-term.

Miller, J. (2012, July 5). The Flaming Festival of San Juan. *Planet Paraguay: Wildlife and Conservation in the Neotropics*. https://planetparaguay.wordpress.com/2012/07/05/latest-post-the-flames-of-the-festival-of-san-juan/.

Moratilla, N.C. (2018). Exotifying bodies: Self-flagellation, abjection, and social memory. *Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities*, *10*(3), 149-157. https://dx.doi.org/10.21659/rupkatha.v10n3.12.

Navales, M. & Umel, R. (2017, December 13). Philippine Congress Approves 1-Year Extension of Martial Law in South. *Benar News*. https://www.benarnews.org/english/news/philippine/philippines-militants-12132017140335.html.

Nery, J. (2019, April 16). God knows Hudas. *Philippine Daily Inquirer*. https://opinion.inquirer.net/120806/god-knows-hudas.

Never Again. (2016, April 10). Colmenares: I was 18 when tortured. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=bqzn65EvffU.

Noceda, J. de, de San Lucar, P., & Clain, P. (2011). *Vocabulario de la lengua Tagala: Compuesto por varios religiosos doctos y graves, y coordinado. Reimpreso de Manila, 1681-1747*. Microûlm no. 25, Internet Archive. University of Michigan. https://archive.org/details/aqj5903.0001.001.umich.edu/page/467/mode/2up (Original work published 1860).

Ocampo, A. (2024, August 14). Flashback: Luna assassination. *Philippine Daily Inquirer*. https://opinion.inquirer.net/175994/flashback-luna-assassination.

Ocampo, C. (Writer) & Valle, L. (Director). (2014). *Walang Rape sa Bontok* [Documentary]. Daang Dokyu.

Oropeza, B.J. (2010). Judas' death and final destiny in the gospels and earliest christian writings. *Neotestamentica*, *44*(2), 342-361. https://www.jstor.org/stable/43048764.

Palanco, F. (2002). Diego Silang's revolt: A new approach (J. Arcilla, Trans.). *Philippine Studies*, *50*(4), 512-537. https://www.philippinestudies.net/files/journals/1/articles/8463/public/8463-8817-1-PB.

Potet, J.P. (2017). *Ancient beliefs and customs of the Tagalogs*. Lulu Press, Inc.

Prill-Brett, J. (2004). Gender relations and gender issues on resource management in the Central Cordillera, Northern Philippines. *Review of Women's Studies, 14*(1), 1-29. https://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/view/2919.

Rafael, V. (2020a, September 17). Duterte's phallus, part 1: Junk politics. *Rappler*. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-1/.

Rafael, V. (2020b, September 17). Duterte's phallus, part 2: His favorite joke. *Rappler*. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/opinion-duterte-phallus-part-2/.

Rafael, V. (2021). *The sovereign trickster: Death and laughter in the age of Duterte*. Duke University Press.

Rappler.com. (2021, October 11). FALSE: Colmenares says he's angry at Marcos because he was electrocuted during Martial Law. *Rappler*. https://www.rappler.com/newsbreak/fact-check/colmenares-says-he-is-angry-ferdinand-marcos-because-was-electrocuted-martial-law/.

Red, R. (Director). (2019). *Babae at Baril* [Film]. Cignal Entertainment, Epic Media, at Quezon City Film Development Commission.

Rodriguez, E. (Director). (1991). *Boyong Mañalac: Hoodlum Terminator* [Film]. Viva Films.

Russell-Brown, S. (2003). Rape as an act of genocide. *Berkeley Journal of International Law*, *21*(2), 350-374. https://doi.org/10.15779/Z380M0V.

Rutao, G. (2019, April 22). Pampanga's Sabuaga festival showcases spirituality, culture and industry. *ABS-CBN News*. https://news.abs-cbn.com/life/04/22/19/pampangas-sabuaga-festival-showcases-spirituality-culture-and-industry.

Santiago, P. (Director). (1986). *Iyo ang Tondo, Kanya ang Cavite* [Film]. BSH Films.

Sapnu, R. (2010, April 4). 27 Pampanga, Bulacan penitents nailed to crosses. *Phil Star Global*. https://www.philstar.com/headlines/2010/04/04/563061/27-pampanga-bulacan-penitents-nailed-crosses.

Scott, W.H. (1986). Why did Tupas betray Dagami? *Philippine Quarterly of Culture and Society*, *14*(1), 12-31. https://www.jstor.org/stable/29791875.

Scott, W.H. 1994. *Barangay: Sixteenth-century Philippine culture and society*. Ateneo de Manila University Press.

Seagrave, S. (1988). *The Marcos dynasty*. Harper & Row Publishers.

Señor Jesus de la Columna/ La Pacencia–Siniloan, Laguna. (2023, April 14). Holy Wednesday. *Facebook*. https://www.facebook.com/stspeterandpaulsiniloan.

Shoaps, R.A. (2009). Ritual and (im)moral voices: Locating the testament of Judas in Sakapultek communicative ecology. *American Ethnologist*, *36*(3), 459-477. https://doi.org/10.1111/j.1548-1425.2009.01173.x.

Socolovsky, J. (2018, April 9). Greek town ritually burned Judas as Orthodox celebrated Easter. *Religion News*. https://religionnews.com/2018/04/09/greek-town-ritually-burned-judas-as-orthodox-celebrated-easter/.

Sta. Romana-Cruz, N. (1998). Women in the revolution. In M. Guerrero & J. Schumacher (Eds.), *Kasaysayan: The story of the Filipino people; Volume 5: Reform and revolution* (pp. 168-169). Asia Publishing Company Limited.

Tan, M. (2017, April 12). Not so Holy Week. *Philippine Daily Inquirer*. https://opinion.inquirer.net/103154/not-holy-week.

Tan, S. (2012). *A History of the Philippines.* Manila Studies Association, Inc. at Philippine National Historical Society, Inc.

Tarog, J. (Director). (2015). *Heneral Luna* [Film]. Quantum Films at Abramorama.

Tarog, J. (Director). (2018). *Goyo: Ang Batang Heneral* [Film]. Artikulo Uno Productions.

Teehankee, J. (2017). Was Duterte's rise inevitable? In N. Curato (Ed.), *A Duterte reader: Critical essays on Rodrigo Duterte's early presidency* (pp. 37-56). Bughaw at Ateneo de Manila University Press.

Telo, M. (2023). *Resistant form: Aristophanes and the comedy of crisis*. Punctum Books.

Tiatco, S.A. & Bonifacio-Ramolete, A. (2015). Entanglement: A preliminary study of a Philippine puppet sinakulo for children. *Humanities Diliman*, *12*(1), 49-77. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/4645.

Tiongson, N. (2016). Heneral Luna: Appreciation and reservation [Review]. *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society, 13*(1), 137-147. https://doi.org/10.52518/2016.13.1-08ntngsn.

Tolentino, R. (2000a). *Richard Gomez at ang mito ng pagkalalake, Sharon Cuneta at ang perpetwal na birhen at iba pang sanaysay ukol sa bida sa pelikula bilang kultural na texto*. Anvil Publishing, Inc.

Tolentino, R. (2000b). The mattering of national bodies and sexualities. *Asian Studies*, *36*(1), 84-110. https://www.asj.upd.edu.ph/mediabox/archive/ASJ-36-1-2000/tolentino.pdf.

TrekReichen. (2019, January 24). Vicente Enríquez: Walang magiting sa Ilocos Sur? Pare-pareho tayong naghirap papunta dito, ni wala isang tinubuan sa inyo ng bayag?... *Quotes*. https://www.quotes.net/mquote/1182762.

Tuazon, Jarl Matthew. 2023. *Halin panimalay tubtob sa komunidad: The hudas-hudas ritual as an invented tradition of Brgy. San Pedro, San Jose de Buenavista, Antique*. (Unpublished undergraduate thesis). University of the Philippines Visayas.

Tugano, A.C. (2023). Linga travel: Dissecting phallic symbolism in South and Southeast Asian context. *Bidlisiw Journal, 3*(2), 14-35. https://www.researchgate.net/publication/380909503.

Tugano, A.C. (2024). Ang popularidad ng phallic jokes: Isang kritikal na pagsusuri sa mga phallokratikong pahayag ni Rodrigo Duterte sa midya. *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society, 21*(1), 215-265. https://doi.org/10.52518/2022-13tgno.

Tugano, A.C. (2025). Ilang tala ukol sa butò sa mga vocabularios noong dantaon 17 hanggang 19. *National Research Council of the Philippines Research Journal, 24*(1), 78-98. https://researchjournal.nrcp.dost.gov.ph/client/ejournal/article/142.

Tugano, A.C & Santos, M.J. (2022). Ang phallokrasiya ni Duterte sa midya bilang Mang Kanor ng politikang Pilipino. *Talastasan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies, 1*(2), 30-49. https://ejournals.ph/article.php?id=19344.

Turner, B. (1992). *Regulating bodies: Essays in medical sociology*. Routledge.

TV Tropes. (n.d.) Phallic Weapon. *TV Tropes*. https://tvtropes.org/pmwiki/pmwiki.php/Main/PhallicWeapon.

Ubaldo, L.R. (2016). Talang historiko-kultural ukol sa pagpapatiwakal. *Malay Journal, 29*,(1), 111-124. https://ejournals.ph/article.php?id=10772.

Ukockis, G. (2019). *Misogyny: The new activism*. Oxford University Press.

Villan, V. (2013). Lawas, buut, pagtugsiling, ‘ag dungan: Isang pag-unawa sa papel ng kinagisnang sikolohiya sa kasaysayang kolonyal at himagsikang pilipino sa Panay, 1896-1898. *Daluyan: Journal sa Wikang Filipino*, *19*(2), 73-110. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/3822.

Wanless, D. (2021). Becoming “The first free town in the Americas:” Claiming and celebrating blackness in Yanga, Veracruz. (Unpublished manuscript in HIST 101E). https://escholarship.org/content/qt7xx986d5/.

Wendt, R. (1998). Philippine fiesta and colonial culture. *Philippine Studies, 46*(1), 3-23. https://www.jstor.org/stable/42633620.

Yeager, G. (1999). Female apostolates and modernization in mid-nineteenth century Chile. *The Americas*, *55*(3), 425-458. https://doi.org/10.2307/1007649.

Yoder, D. (1970). Toward a definition of folk religion. *Western Folklore*, *33*(1), 2-15. https://doi.org/10.2307/1498248.

Yodisphere. (2011, July). The burning of Philippine Presidents. *Yodisphere*. https://www.yodisphere.com/2011/07/burning-of-philippine-presidents.html.